


MGA KRONIKA

1



Para sa mga may gusto sa atin na malaman ang kasaysayan ng Israel, walang itinuturong bago ang Mga Kronika. Muli lamang isinusulat dito ang naisalaysay na sa mga libro ni Samuel at ng Mga Hari. Nasa paraan lamang ng pagpili sa mga pangyayari at sa paglalahad ng mga ito ang kaibahan.

Gustong ipakita ng sumulat ng Mga Kronika na nakasalalay sa katapatan sa Batas ni Moises at sa mga kautusan sa pagsamba ang kinabukasan ng sambayanang Judio.

Dahil sa kanyang panahon, hindi isang bansang malaya ang mga Judio, kundi parang isang malayang probinsya na lamang ng imperyo ng Persia. At may lumalaking pagnanasa sa kanila na maging isang “teokrasya,” na ibig sabihi’y isang kaharian ng Diyos na pinamumunuan ng mga pari sa kanyang pangalan. Sinisikap nilang kalimutan ang mga Persianong tagapamahala na hinayaan silang magkaroon ng sapat na kalayaan, at inoorganisa nila ang buhay ng bansa na sa Templo at sa Batas ni Moises nakasentro. Sa paghihintay nila sa pagdating ng “Anak ni David,” nakagawian na nilang sabihin: “Kung sa buong maghapon ay ganap na susundin ang Batas sa buong bansa, tiyak na darating ang Mesiyas.”

Kaya halos sa kasaysayan lamang ng mga hari ng Juda na mga inapo ni David interesado ang awtor. Bagamat ibinibigay niya sa atin ang listahan ng mga ninuno ni David, na pabalik pa hanggang kay Adan, wala naman siyang binabanggit na kataga man lamang tungkol sa kaharian ng Israel kung saan nabuhay ang karamihan sa bayang pinili, dahil hiwalay ito sa kaharian ni David. Maraming makukulay na detalye ang ibinibigay sa atin ng awtor na wala sa mga libro ni Samuel at ng Mga Hari, pero sa kabuuang para bang di kapani-paniwala at nakakasawa para sa atin ang kanyang salaysay. Isa pa’y nadadala siya ng masigasig niyang pananampalataya, mahilig siya sa malalaking numero at pagkaminsa’y iniiba niya ang katotohanan para bigyang-diin ang gusto niyang sabihin (paghambing ang 1 H 22:50 at 2 Kro 20:35, 2 S 12:31 at 1 Kro 20:3).

Ano naman ang mapapala natin sa pagbasa sa aklat na ito? Matutunghayan natin sa bawat pahina ang katiyakan na hindi dapat magkaroon ng ano pa mang ambisyon ang bayang sumasampalataya liban sa pagtupad sa kalooban ng Diyos: darating na lang ang iba pang mga tagumpay bilang regalo. At ipinaaalaala rin nito sa atin na hindi dapat iwala ng bayan ni Kristo ang pagiging orihinal at bukod-tangi, sa kabila ng kawalan nito ng mga nakikitang hangganan at di pamumuhay nang hiwalay sa gitna ng ibang mga tao upang mapalahok sa masa. Hinding-hindi ganap na makakahawig sa di-sumasampalataya ang sumasampalataya, ni maging katulad na katulad sa takbo ng isip. May sarili siyang misyon at iniingatan niya ang nakikitang pagkakaisa ng Iglesia sa paligid ng mga inilagay ng Diyos sa kanila para maging mga kinatawan niya.

Listahan ng mga bayan, mga lunsod at mga ninuno, mula kay Adan hanggang kay Abraham

1 ¹Adan, Set, Enos, ²Cainan, Mahaliel, Yered; ³Henok, Matusalem, Lamek, ⁴Noe, Sem, Kam, Yafet.

⁵Mga anak ni Yafet: Gomer, Magog, ang mga Medo, Yavan, Tula, Mesek at Tiras.

⁶Mga anak ni Gomer: Askenas, Rifat at Togorma.

⁸Mga anak ni Kam: Kus at Misraim, Put at Kanaan. ⁹Mga anak ni Kus: Seba, Yavila, Sabta, Rama at Sabteka. Mga anak ni Rama: Seba at Dedan. ¹⁰Si Kus ang ama ni Nimrod na naging unang makapangyarihan sa lupa. ¹¹Si Misraim ang ama ng mga taga-Lud, Anam, Lehab, Naftu, ¹²ng Patros, Kaslu at Kaftor, ang pinagmulan ng mga Pilisteo. ¹³Si Kanaan ang ama ni Sidon na kanyang panganay, at ni Het, ¹⁴at ng mga Yebuseo, Amorreo, Girgaseo, ¹⁵mga Heveo, Arkita, Sinita, ¹⁶mga Arvadita, Samarita, at Yamateo.

¹⁷Mga anak ni Sem: Elam, Asur, Arfaksad, Lud at Aram. Mga anak ni Aram: Us, Hul, Geter at Mesek. ¹⁸Si Arfaksad ang ama ni Sela, si Sela naman ang ama ni Eber. ¹⁹Nagkaanak ng dalawa si Eber: ang una'y pinangalanang Peleg dahil sa panahon niya nahati ang lupain, at Yoktan naman ang pangalan ng kanyang kapatid. ²⁰Si Yoktan ang ama nina Almodad, Selef, Hasar-mavet, Yarak, ²¹Hadoram, Uzal, Dikla, ²²Ebal, Abimael, Seba, ²³Ofir, Havila, Yobab. Mga anak silang lahat ni Yoktan.

²⁴Sem, Arfaksad, Sela, ²⁵Eber, Peleg, Reu, ²⁶Serug, Nahor, Tera, ²⁷Abram, na naging Abraham.

Lahi ni Abraham

²⁸Mga anak ni Abraham: Isaac at Ismael. ²⁹Ito ang kanilang mga lahi:

Si Nebayot ang panganay ni Ismael; si-nundan naman nina Kedar, Adbeel, Mibsam, ³⁰Misma, Duma, Masa, Hadad, Tema, ³¹Yetur, Nafis at Kedma.

Mga anak ni Ketura na asawang-alipin ni Abraham: Zimran, Yoksam, Medan, Madian, Yisbak at Sua. ³²Mga anak ni Yoksam: Seba at Dedan. ³³Mga anak ni Madian: Efa, Efer, Henok, Abida at Eldaa.

³⁴Si Abraham ang ama ni Isaac na nagkaanak ng dalawang lalaki: sina Esau at Israel.

³⁵Mga anak ni Esau: Elifaz, Reuel, Yeus, Yalam at Korak. ³⁵Mga anak ni Elifaz: Teman, Omar, Sefi, Gatam, Kenaz, Timma at Amalek. ³⁷Mga anak ni Zeir: Lotan, Sobal, Sibon, Ana, Dison, Eser at Disan. ³⁹Mga anak ni Lotan: Hori

at Homam. Tinawag na Timna ang kapatid na babae ni Lotan. ⁴⁰Mga anak ni Soba: Alyan, Manahat, Ebal, Sefi at Onam. Mga anak ni Sibon: Aya at Ana. ⁴¹Anak ni Ana: Dison. Mga anak ni Dison: Hamran, Esbam, Yitram at Keram. ⁴²Mga anak ni Eser: Bilan, Zayan at Yacan. Mga anak ni Dison: Uz at Aran.

⁴³Ito ang mga haring namuno sa lupain ng Edom bago nagkaroon ng isang haring Israelita: Belang anak ni Beor; tinawag na Dinaba ang kanyang lunsod. ⁴⁴Namatay si Bela, at humalili sa kanya si Yobab na anak ni Zerak na taga-Bosra. ⁴⁵Pagkamatay ni Yobab, humalili naman sa kanya si Husam na taga-Teman. ⁴⁶Nang mamatay si Husam, humalili sa kanya si Hadad na anak ni Bedad; nilupig niya ang mga Madianita sa mga lupain ng Moab; at tinawag na Awit ang kanyang lunsod. ⁴⁷Namatay si Hadad at naghari naman si Samla ng Marseka. ⁴⁸Namatay si Samla at si Saul ng Rehobot-han-nahar ang humalili sa kanya. ⁴⁹Nang mamatay si Saul, humalili sa kanya si Baal-Hanang anak ni Akbor. ⁵⁰Pagkamatay ni Baal-Hanan, naghari naman si Hadad. Tinawag na Pai ang kanyang siyudad; si Mehetabel na anak ni Matred na taga-Mezahab ang asawa niya.

⁵¹Pagkamatay ni Hadad, ito ang mga naghari sa Edom: sina Timna, Alia, Yetet, ⁵²Kenaz, Teman, Mibzar, Magdiel, at Iram. Ang mga ito ay ang mga pinuno ni Edom.

Mga anak ni Israel at mga inapo ni Juda

2 ¹Ito ang mga anak ni Israel: Ruben, Simeon, Levi, Juda; Isacar, Zabulon, ²Dan, Jose, Benjamin, Neftali, Gad at Aser. ³Mga anak ni Juda: Er, Onan at Sela. Ipina-nganak sa kanya ni Bat-suang Kananea ang tatlong ito. Ayaw ni Yawe kay Er kaya binawian siya ng buhay. ⁴Nagkaanak pa ng dalawang lalaki si Juda sa kanyang manugang na si Tamar: sina Perez at Zera. Limang lahat ang naging anak ni Juda.

⁵Mga anak ni Perez sina Hezron at Hamul. ⁶Lima ang mga anak ni Zera: Zimri, Hetan, Heman, Kalkol at Darda. ⁷Anak ni Karmi: Akar, na nagdala ng gulo sa Israel sa pagsuway sa sumpa ng anatema. ⁸Anak ni Etam: Azarias. ⁹Si Hesron ang ama nina Yerahmeel, Ram at Kelubay. ¹⁰Si Rama ang ama ni Aminadab na ama ni Nahason, na pinuno ng mga anak ni Juda.

¹¹Si Nahason ang ama ni Salma na ama ni Boaz ¹²na ama ni Obed na ama ni Jese. ¹³Pito ang naging anak ni Jese; si Eliab ang panganay, at sumunod naman sina Abinadab, Sama,

¹⁴Netanel, Raday, ¹⁵Osem at David. ¹⁶Sina Sarvia at Abigail ang kanyang mga kapatid na babae. Tatlo ang anak ni Sarvia: Abisay, Yoab, at Asael. ¹⁷Si Amasa naman ang anak ni Abigail, na si Yeter na Ismaelita ang ama.

¹⁸Nagkaanak si Kaleb na anak ni Hesron kay Azuba (at kay Yeriot). Ito ang mga anak ni Yeriot: Yeser, Sobab at Ardon. ¹⁹Namatay si Azuba at pinakasalan ni Kaleb si Efrat; si Hur naman ang naging anak nila. ²⁰Si Ur ang ama ni Uri, at si Uri naman ang ama ni Besaleel.

²¹Pinakasalan ni Hesron ang anak na babae ni Makir na ama ni Galaad. Animnapung taon na siya nang ipanganak si Segub. ²²Si Segub ang ama ni Yair na namuno sa dalawampu't tatlong bayan ng bansang Galaad. ²³Ngunit naagaw ng mga Gesurita at mga Arameo ang mga nayon ni Yair, pati na ang Kenat at ang animnapung karatig-bayan nito. Inari ng mga inapo ni Makir na ama ni Galaad ang lahat ng ito.

²⁴Pagkamatay ni Hesron, pinakasalan ni Kaleb si Efrat na naging asawa ng kanyang amang si Hesron. Si Ashur na ama ni Tekoa ang naging anak nila. ²⁵Mga anak ni Yerahmeel na panganay ni Hesron: si Ram ang panganay, Buna, Oren, Osem at Ahias. ²⁶Naging pangalawang asawa ni Yerahmeel si Atarang ina ni Onam. ²⁷Mga anak ni Ram na panganay ni Yerahmeel: Maas, Yamin at Eker.

²⁸At ang mga anak ni Onam: Samay at Yada. Mga anak ni Samay: Nadab at Abisur. ²⁹Si Abigail ang asawa ni Abisur; sina Ahban at Molid naman ang mga anak nito. ³⁰Mga anak ni Nadab: Seled at Apaim; namatay na walang anak si Seled. ³¹Si Yisi ang anak ni Apaim; anak ni Yisi si Sesan; anak ni Sesan si Ahlay. ³²Mga anak ni Yadang kapatid ni Samay: Yeter at Yonatan; namatay na walang anak si Yeter. ³³Mga anak ni Yonatan: Pelet at Zaza. Ito ang mga inapo ni Yerahmeel.

³⁴Mga babae lamang ang naging mga anak ni Sesan; may isang alipin naman siyang Ehipsyo na nagngangalang Yarha. ³⁵Ibinigay ni Sesan ang isa niyang anak na babae kay Yarha, at naging anak nito si Atay. ³⁶Si Atay ang ama ni Natan na ama ni Zabad; ³⁷si Zabad naman ang ama ni Efal na ama ni Obed; ³⁸si Obed ang ama ni Yehu na ama ni Azarias ³⁹na ama ni Yeles na ama ni Elasa ⁴⁰na ama ni Sismay na ama ni Sallum ⁴¹na ama ni Yekamias na ama ni Elisama.

⁴²Mga anak ni Kaleb na kapatid ni Yerahmeel: si Mesa ang panganay na ama ni Zif; anak ni Zif si Maresa na ama ni Hebron. ⁴³Mga anak ni Hebron: Kore, Tapnaf, Rekem at Sema. ⁴⁴Si Sema ang ama ni Raham na ama ni Yorkeam, si

Rekem naman ang ama ni Samay. ⁴⁵Si Samay ang ama ni Maon at si Maon ang ama ni Bet-Sur. ⁴⁶Si Efa na asawang-alipin ni Kaleb ang ina nina Haran, Mosa at Gazes; si Haran ang ama ni Gazes. ⁴⁷Mga anak ni Yaday: Regem, Yotam, Gesan, Pelet, Efa at Saaf.

⁴⁸Si Maaka na asawang-alipin ni Kaleb ang ina nina Seber at Tirhama. ⁴⁹Siya rin ang ina ni Saaf na ama ni Madmana at ni Sevang ama naman nina Mahbena at Gibeia. Si Axa ang anak na babae ni Kaleb. ⁵⁰Ito ang mga anak ni Kaleb.

Mga anak ni Hur na panganay ni Efrata: Sobal na ama ni Kariatirim; ⁵¹Salma na ama ni Betlehem; Haref na ama ni Bet-Gader. ⁵²Mga anak ni Sobal na ama ni Kariat-yearim: Haroe at ang kalahati ng mga pamahingahan. ⁵³Mga angkan ng Kariat-yearim: mga Yitreo, mga Puteo, mga Sumateo, at mga Misraeo. Sa kanila nagmula ang mga Sorateo at mga Estoleo. ⁵⁴Mga anak ni Salma: Betlehem at mga taga-Netofa, taga-Atrot-Ben-Yoab, kalahati ng mga Manahita, at mga Soreo. ⁵⁵Mga angkan ng mga Tagasulat na nasa Yabes: mga Tirateo, mga Simateo, mga Sukateo. Ito ang mga Kenitang nagmula kay Hamat na ama ng angkan ni Rekab.

Lahi ni David

3 ¹Ito ang mga anak ni David sa Hebron: si Amnon ang panganay na anak ni Ahinoam ng Yisreel, pangalawa si Daniel na anak ni Abigail ng Karmel, ²pangatlo si Absalom na anak ni Maaka na anak na babae ni Talmay na hari ng Gesur, pang-apat si Adonias na anak ni Hagit, panlima si Sefatias na anak ni Abital, pang-anim si Yitream na anak niya kay Eglá. ⁴Ipinanganak ang anim na ito sa Hebron, kung saan siya naghari nang pitong taon at anim na buwan.

Tatlumpu't tatlong taon siyang naghari sa Jerusalem. ⁵Apat naman ang mga ipinanganak sa Jerusalem ni Betseba na anak ni Ammiel: Sima, Sobab, Natan, Solomon. ⁶At siyam pa: sina Yibhar, Elisua, Elpelet, ⁷Nogah, Nefeg, Yafia, ⁸Elisama, Elyada, Elipelet.

⁹Silang lahat ang mga anak ni David, di kabilang ang mga anak niya sa kanyang mga asawang-alipin. Si Tamar ang kanilang kapatid na babae.

¹⁰Si Solomon ang ama ni Roboan na ama ni Abias na ama ni Asa na ama ni Yosafat ¹¹na ama ni Yoram na ama ni Ocozias na ama ni Yoas ¹²na ama ni Amasias na ama ni Azarias na ama ni Yotam ¹³na ama ni Ahaz na ama ni Ezekias na ama ni Manases ¹⁴na ama ni Amon na ama ni Yosias. ¹⁵Mga anak ni Yosias: si Yohanan ang

panganay; pangalawa si Yoakim, pangatlo si Sedekias, pang-apat si Salum. ¹⁶Mga anak ni Yoakim: Yoakin at ang anak nitong si Sedekias.

¹⁷Mga anak ni Yoaking ipinadeport: Sealtiel. Mga anak nito: ¹⁸Malkiram, Pedaias, Senasar, Yekonias, Hosama, Nedabias. Mga anak ni Pedaias: Zorobabel at Semi. ¹⁹Mga anak ni Zorobabel: Mesulam, Hananias at si Selomit ang kapatid nilang babae. ²⁰Lima ang mga anak ni Mesulam: Hasuba, Ohel, Berekias, Hasadias at Yusab-Hesed. ²¹Anak ni Hananias si Pelatias; naging anak naman nito Isaias; at sumunod sina Refaias, Arnan, Abdias at Sekania. ²²Anim ang mga anak ni Sekania: Semaias, Hatus, Yigal, Bariah, Nearyas at Safa. ²³Tatlo ang mga anak ni Nearyas: Elyoenay, Ezekias, Azrikam. ²⁴Pito ang mga anak ni Elyoenay: Yodaias, Elyasib, Pelaias, Akub, Yohanan, Delayas at Anani.

Talaangkanan ng mga pinuno ng labindalawang tribu

4 ¹Mga anak ni Juda: Fares, Hesron, Karmi, Hur at Sobal.

²Naging anak ni Reaias na anak ni Sobal si Yahat na ama naman nina Ahuma at Lahad. Ito ang mga angkan ng mga Sorateo. ³Mga anak ni Etam: Yizrael, Yismas at Yibda. Si Haslelponi ang kanilang kapatid na babae. ⁴At si Penuel naman ang ama ni Gedor, at si Ezer ang ama ni Husa. ⁵Ang mga ito ang mga anak ni Hur na panganay ni Efratang ama ni Betlehem. Dalawa ang naging asawa ni Ashur na ama ni Tekoa: Elea at Naara. ⁶Si Naara ang ina nina Ahuzam, Hefer, ng mga Temeita at mga Ahastarita. Ito ang mga anak ni Naara. ⁷Mga anak ni Elea: Seret, Yishar, Etnan.

⁸Si Kos ang ama nina Anub at Sobeba at mga angkan ni Aharhel na anak ni Harum. ⁹Mas kinilala si Yabes kaysa kanyang mga kapatid, at tinawag siyang Yabes ng kanyang ina na nagsabing: "Naghirap ako sa panganganak sa kanya." ¹⁰Tumawag si Yabes sa Diyos ng Israel, at sumigaw: "Kung talagang babasbasan mo ako at palalawakin ang aking lupain at sasaakin ang iyong kamay, malalaman kong wala na akong kahirapan." At ibinigay nga ng Diyos ang kanyang hinihingi.

¹¹Si Kelub na kapatid ni Suha ang ama ni Mehira na ama ni Eston. ¹²Si Eston naman ang ama nina Bet-Rafa, Paseh at Tehina na ama ni Ir-Nahas. Sila ang mga kalalakihan ni Rekab.

¹³Mga anak ni Kenaz: Otoniel at Seraias. Mga anak ni Otoniel: Hatat at Meonotay. ¹⁴Si Meonotay ang ama ni Ofra, at si Seraias ang ama ni Yoab na ama ng Lambak ng Mga Manggagawa

(naroroon nga ang mga manggagawa). ¹⁵Mga anak ni Kaleb na anak ni Yefone: Iru, Ela at Naan; anak ni Ela si Kenaz. ¹⁶Mga anak ni Yehalel: Zif, Zifa, Tiriya at Asarel. ¹⁷Mga anak ni Ezra: Yeter, Mered, Efer at Yalon. Ito ang mga anak ni Bitia na anak na babae ni Paraon, na pinakasalan ni Mered: Miryam, Samay at Yisbah na ama ni Estemoa. ¹⁸Ipinanganak naman ng kanyang asawang taga-Juda si Yered na ama ni Gedor, si Heber na ama ni Soko, at si Yekutiel na ama ni Zanoah. ¹⁹Mga anak ni Odia sa kanyang asawang kapatid na babae ni Naham: ang ama ni Keilang taga-Garma at Estemoang Macateo. ²⁰Mga anak ni Simon: Ammon at Rina, Ben-Hanan at Tilon. Mga anak ni Yisi: Soket at ang anak ni Soket. ²¹Mga anak ni Sela na anak ni Juda: Er na ama ni Leka, at Lada na ama ni Maresa at ang mga angkan ng humahabi ng linen sa Bet-Asbea. ²²Si Yokim at ang mga taga-Koseba, Yoas at Zaraf ang naging mga panginoon ng Moab at pagkatapos ay bumalik sa Betlehem; ito'y dating mga bagay na! ²³Mga magpapalayok sila na nanirahan sa mga bakuran ng hari at naglingkod sa kanya.

²⁴Mga anak ni Simeon: Nemuel, Yamin, Yarib, Zerah at Saul. ²⁵Anak ni Saul si Salum na ama ni Mibsam na ama naman ni Misma. ²⁶Mga anak ni Misma: Hamuel, Zakkur, at Simi. ²⁷Labing-anim na lalaki at anim na babae ang naging anak ni Simi, pero iilan laman ang anak ng kanyang mga kapatid at hindi dumami ang kanilang mga angkan tulad ng mga anak ni Juda. ²⁸Nanirahan sila sa Berseba, Molada, Hasar-Sual, ²⁹Bila, Esem at Tolad, ³⁰Betuel, Horma, Siklag, ³¹Bet-Marhabot, Hasar-Susim, Bet-Biri at Saarayim. Ito ang mga bayan nila hanggang maghari si David. ³²Pati na ang lima nilang mga nayon: Etam, En-Rimmon, Token at Asan, ³³at lahat ng bayang nakapaligid sa mga ito hanggang sa Baalat.

Dito sila tumira at inilista. ³⁴Mesobab, Yamlek, Yosa na anak ni Amasias, ³⁵Yoel, Yehu na anak ni Yosibias na anak ni Seraias na anak ni Asiel; ³⁶Elyoenay, Yaakoba, Yesohaias, Asaias, Adiel, Yesimiel at Benaías, ³⁷Ziza na anak ni Sifi na anak ni Alon na anak ni Yedaias na anak ni Simri na anak ni Semaias. ³⁸Pinuno ng kanilang mga angkan ang mga nabanggit, at dumami nang husto ang kanilang mga sambahayan. ³⁹Umabot sila sa pasukan ng Gerar, hanggang sa silangan ng lambak, sa paghahanap ng pasutulan para sa kanilang mga hayop. ⁴⁰At nakatagpo sila ng mataba at mabuting pastulan at malawak na lupain, tahimik at payapa, sapagkat dating naninirahan doon ang mga taga-Kam.

⁴¹ Ang mga nabanggit na pangalan ay dumating sa panahon ni Ezekias na hari ng Juda, at sinira ang mga tolda at mga silungang natagpuan doon, at ganap na winasak magpahanggang ngayon; at pumalit sa kanila sapagkat may pastulan doon para sa kanilang mga hayop.

⁴² Naglakad sa bundok ng Seir ang limandaang lalaking taga-Simeon, sa pamumuno nina Pelatias, Nearyas, Refaias at Uziel na anak ni Ysi; ⁴³ Nilusob nila ang nalabi sa mga Amalecita at doon nanirahan hanggang ngayon.

5 ¹ Mga anak ni Ruben na panganay ni Israel. Unang inianak si Ruben, pero dinungisan niya ang kanyang ama sa pakikipagtalik sa asawang-alipin nito; kaya inilipat ang kanyang mga karapatan bilang panganay sa mga anak ni Jose na anak ni Israel. Subalit hindi nakalista si Jose bilang panganay. ² Naunahan ni Juda ang kanyang mga kapatid at sa kanya nagmula ang pinuno, pero na kay Jose ang mga karapatan bilang panganay.

³ Mga anak ni Rubeng panganay ni Israel: Henok, Palu, Hesron at Karmi. ⁴ Mga anak ni Yoel: Semaias na kanyang anak, Gog na kanyang anak, Simi na kanyang anak, ⁵ Mica na kanyang anak, Reaias na kanyang anak, Baal na kanyang anak, ⁶ Beera na kanyang anak na binihag ni Teglatfalasar na hari ng Asiria. Siya ang pinuno ng mga Rubenita. ⁷ Lista ng kanyang mga kapatid ayon sa kanilang mga angkan: Yeiel ang una, Zacarias, ⁸ Belang anak ni Azaz na anak ni Sema na anak ni Yoel.

Tumira sila sa Aroer hanggang Nebo at Baal-Meon. ⁹ Namayan din sila sa silangan mula sa Ilog Eufrates hanggang sa dulo ng disyerto, dahil dumami ang kanilang mga kawan sa lupain ng Galaad.

¹⁰ Sa panahon ni Saul, nakipagdigma sila sa mga Hagareo na nahulog sa kanilang mga kamay; at tumira sila sa mga tolda ng mga ito sa buong gawing silangan ng Galaad.

¹¹ Tumira ang mga anak ni Gad sa tapat ng lupain ng Basan hanggang Salka. ¹² Una'y si Yoel, pangalawa si Safan; at sumunod naman sina Yany at Safat sa Basan. ¹³ Pito ang mga kapatid niya ayon sa kanilang mga angkan: Micael, Mesulam, Seba, Yoraim, Yakan, Zia at Eber. ¹⁴ Ito ang mga anak ni Abihail, anak ni Huri, anak ni Yaroah, anak ni Galaad, anak ni Mikael, anak ni Yesisay, anak ni Yako, anak ni Buz. ¹⁵ Si Ahi na anak ni Abdiel na anak ni Guni ang pinuno ng sambahayan.

¹⁶ Tumira sila sa Galaad, sa Basan at sa mga karatig-lugar nito at sa dulo ng mga pastulan ng Saron. ¹⁷ Nakatala ang lahat ng ito sa panahon ni

Yotam na hari ng Juda, at sa panahon ni Yero-boam na hari ng Israel.

¹⁸ Matatayang ang mga anak nina Ruben at Gad at ang kalahating tribu ng Manases, mga lalaking may hawak ng tabak at kalasag, marunong mamana at magigiting na mandirigma. 44,760 sila na handang makipagdigma. ¹⁹ Naki-pagdigma sila sa mga taga-Hagar, Yetur, Nafis at Nodab, ²⁰ at tinulungan sila ng Diyos sa pakikipaglaban. Nagapi nila ang mga Hagareo at lahat ng kakampi ng mga ito dahil tumawag sila sa kanya sa gitna ng digmaan at dininig naman niya sila sapagkat nagtiwala sila sa kanya. ²¹ Sinamsam nila ang buong kawan: 50,000 kamelyo, 250,000 tupa, 2,000 asno, at 100,000 katao. ²² Marami ang napatay sapagkat ang Diyos ang lumaban. Tumira sila sa kanilang lugar hanggang sa pagkatapon.

²³ Tumira ang kalahating tribu ng Manases sa lupain ng Basan hanggang Baal-Hermon, Senir at Bundok Hermon. Napakarami nila. ²⁴ Ito ang mga pinuno ng sambahayan: Eser, Yisi, Eliel, Azriel, Yeremias, Hodavias at Yahdiel, magigiting na lalaki, mga kilalang tao, mga pinuno ng kanilang sambahayan.

²⁵ Ngunit hindi sila naging tapat sa Diyos ng kanilang mga ninuno at ipinagbili nila ang kanilang sarili sa mga diyos ng mga bayan ng lupaing winasak ng Diyos sa kanilang harapan. ²⁶ Kaya pinukaw ng Diyos ng Israel si Teglatfalasar na hari ng Asiria na siyang nagpadeport sa mga Rubenita, Gadita at sa kalahating tribu ng Manases, at dinala sila sa Kalah, Habor, Hara at sa Ilog Gozan hanggang sa araw na ito.

Talaangkanan ng mga punong pari

²⁷ Mga anak ni Levi: Gerson, Kehat, at Merari. ²⁸ Mga anak ni Kehat: Amram, Yishar, Hebron at Uziel. ²⁹ Mga anak ni Amram: Aaron, Moises at Miriam. Mga anak ni Aaron: Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar.

³⁰ Si Eleazar ang ama ni Pinhas na ama ni Abisua na ama ni Buki na ama ni Uzzi ³¹ na ma ni Zarahias na ama ni Merayot ³² na ama ni Amarias na ama ni Ahitub ³³ na ama ni Sadok na ama ni Ahimaas ³⁴ na ama ni Azarias na ama ni Yohanan ³⁵ na ama ni Azarias, na naglingkod bilang pari sa Bahay na ipinatayo ni Solomon sa Jerusalem.

³⁶ Si Azarias ang ama ni Amarias na ama ni Ahitub ³⁷ na ama ni Sadok na ama ni Salum ³⁸ na ama ni Hilcias na ama ni Azarias ³⁹ na ama ni Seraias na ama ni Yosadek. ⁴⁰ Ipinadeport ito nang ipatapon ni Yawe ang Juda at Jerusalem sa pamamagitan ng kamay ni Nabucodonosor.

Mga pamilya ng mga Levita

6¹ Mga anak ni Levi: Gerson, Kehat, at Merari. ² Mga anak ni Gerson: Libni at Simi. ³ Mga anak ni Kehat: Amram, Yishar, Hebron at Uziel. ⁴ Mga anak ni Merari: Mahli at Musi. Ito ang mga angkan ng Levita, ayon sa kanilang sambahayan.

⁵ Kay Gerson: Libni, kanyang anak; Yahat, kanyang anak; Zimma, ⁶ Yoah, Iddo, Zerach, Yeatray.

⁷ Mga anak ni Kehat: Aminadab, kanyang anak, Kore, kanyang anak; Asir, kanyang anak; ⁸ Elkana, Ebyasaf, Asir, ⁹ Tahat, Uriel, Saul. ¹⁰ Mga anak ni Elkana: Amasay at Ahimot. ¹¹ Elkana, kanyang anak; Sufay, kanyang anak; Nahat, ¹² Eliab, Yerohaim, Elkana, Samuel. ¹³ Mga anak ni Samuel: Yoel ang panganay, at Abias ang pangalawa.

¹⁴ Mga anak ni Merari: Mahli; Libni, kanyang anak; Simi, kanyang anak; Uza, ¹⁵ Simca, Haggias, Asaias.

¹⁶ Sila ang inilagay ni David para mamahala sa pag-awit sa Bahay ni Yawe mula nang magkaroon ng pahingahan ang Kaban. ¹⁷ Ginampunan nila ang paglilingkod na umawit sa harap ng Tirahan ng Toldang Tagpuan hanggang itayo ni Solomon ang Bahay ni Yawe sa Jerusalem. Tinupad nila ang kanilang paglilingkod ayon sa tuntunin nito.

¹⁸ Ito ang mga tumupad sa paglilingkod na iyon, kasama ang kanilang mga anak:

Sa mga anak ni Kehat: Hemang manganganta, anak ni Yoel, anak ni Samuel, ¹⁹ anak ni Elkana, anak ni Yeroham, anak ni Eliel, anak ni Toah, ²⁰ anak ni Suf, anak ni Elkana, anak ni Mahat, anak ni Amasay, ²¹ anak ni Elkana, anak ni Yoel, anak ni Azarias, anak ni Sofonias, ²² anak ni Tahat, anak ni Asir, anak ni Ebyasah, anak ni Kore, ²³ anak ni Yisear, anak ni Kehat, anak ni Levi, anak ni Israel.

²⁴ Si Asaf na kanyang kapatid na nasa kanan niya: Asaf na anak ni Berekias, anak ni Sima, ²⁵ anak ni Mikael, anak ni Basias, anak ni Malakias, ²⁶ anak ni Etni, anak ni Zerach, anak ni Adaias, ²⁷ anak ni Etan, anak ni Ziam, anak ni Simi, ²⁸ anak ni Yahat, anak ni Gerson, anak ni Levi.

²⁹ Mga anak ni Merari na kapatid nila na nasa kaliwa: Etan, anak ni Kisi, anak ni Abadi, anak ni Maluk, ³⁰ anak ni Asabias, anak ni Amasias, anak ni Hilkiyas, ³¹ anak ni Amasi, anak ni Bani, anak ni Semer, ³² anak ni Mahli, anak ni Musi, anak ni Merari, anak ni Levi.

³³ Itinalaga sa paglilingkod sa Tirahan ng Bahay ng Diyos ang kanilang mga kapatid na

Levita. ³⁴ Nagsunog si Aaron at ang kanyang mga anak ng mga alay sa altar ng susunuging handog at sa altar ng insenso. Tinupad nila ang mga tungkulin ng paglilingkod sa kabanal-banalang bagay, at nagbayad-sala para sa buong Israel ayon sa lahat ng iniutos ni Moises na lingkod ng Diyos.

³⁵ Mga anak ni Aaron: Eleazar, kanyang anak; Pinhas, kanyang anak; Abisua, ³⁶ Buki, Uzzi, Zerachias, ³⁷ Merayot, Amarias, Ahitub, ³⁸ Sadok, Ahimas.

³⁹ Ito ang kanilang mga tirahan, bakuran at hangganan:

Sa mga anak ni Aaron, sa angkan Kehatita – dahil natapat sa kanila – ⁴⁰ ibinigay ang Hebron sa lupain ng Juda, pati ang mga pastulan sa paligid nito; ⁴¹ ngunit kay Kaleb na anak ni Yefone ibinigay ang lupain sa siyudad at sa mga karatig-lugar nito. ⁴² Ibinigay sa mga anak ni Aaron bilang mga taguang lunsod: Hebron, Libna at mga pastulan nito, Yatir at mga pastulan nito, ⁴³ Debir at mga pastulan nito, ⁴⁴ Asan, at Betsemes at mga pastulan nito. At mula sa lupain ng Benjamin: Geba at mga pastulan nito, Alemet at Anatot at mga pastulan nito. ⁴⁵ Kabuuang bilang: labintatlong bayan para sa kani-kanilang pamilya.

⁴⁶ Nagpalabunutan ang ibang anak ni Kehat ayon sa kanilang mga pamilya sa sampung lunsod sa Efraim, sa Dan at sa Manases. ⁴⁷ Sa mga anak ni Gerson, ayon sa kanilang mga pamilya, labintatlong lunsod sa Isacar, Aser at Neftali, at mula sa Manases, sa Basan.

⁴⁸ Nagpalabunutan ang mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga pamilya sa labindalawang lunsod sa Ruben, Gad at Zabulon; ⁴⁹ ibinigay ng mga anak ng Israel sa mga Levita ang mga lunsod na ito pati mga pastulan ng mga ito.

⁵⁰ Ito ang mga pangalan ng mga lunsod na ibinigay ng mga tribu ng Juda, Simeon at Benjamin.

⁵¹ Minana naman ng ibang angkan Kehatita ang ilang lunsod sa tribu ng Efraim.

⁵² Ibinigay sa kanila ang mga taguang lunsod: Sikem at ang mga pastulan nito sa bundok ng Efraim, Gezer at mga pastulan nito, ⁵³ Yokmeam, Betoron, ⁵⁴ Ayalon, Gat-Rimmon at mga pastulan ng mga ito; ⁵⁵ at sa kalahating tribu ng Manases, Aner, Bileam at mga pastulan ng mga ito. Sa angkan ng iba pang mga anak ni Kehat ang mga ito.

⁵⁶ Sa mga anak ni Gerson naman natapat ang mga ito: sa mga angkan ng kalahating tribu ng Manases: Golan sa Basan, at Astarot pati mga pastulan ng mga ito; ⁵⁷ sa tribu ng Isacar: Kedes, Dobrat, ⁵⁸ Ramot, Anem at mga pastulan ng

mga ito, ⁵⁹sa tribu ng Aser: Masal, Abdon, ⁶⁰Hukak, Rehob at mga pastulan ng mga ito; ⁶¹at sa tribu ng Neftali: Kedes ng Galilea, Hammon at Kiriath-Yearim at mga pastulan ng mga ito.

⁶²Ibinigay naman sa iba pang mga anak ni Merari: mula sa tribu ng Zabulon: Rimmon, Tabor at mga pastulan ng mga ito; ⁶³at sa kabilang ibayo ng Jordan na tapat ng Jerico sa gawing silangan ng Jordan, mula sa tribu ng Ruben: Beser sa may disyerto, Jasa, ⁶⁴Kedemot, Mefat at mga pastulan ng mga ito; at mula sa tribu ng Gad: Ramot ng Galaad, Hesbon at Yaser at mga pastulan ng mga ito.

Mga angkan ng mga pinuno ng labindalawang tribu

7 ¹Mga anak ni Isacar: Tola, Pua, Yasub at Simron: apat. ²Mga anak ni Tola: Uzzi, Refaya, Yeriel, Yajmai, Yibsan at Samuel, mga pinuno ng mga angkan ni Tola, mga taong magigiting; 22,600 ang nailista sa kapanahunan ni David. ³Anak ni Uzzi si Yizraya. Mga anak ni Yizraya: Mikael, Abdias, Yoel, Yisya; limang pinuno sila. ⁴Nasa kanilang mga angkan at sambahayan ang paghahanda sa mga pangkat pandigma: 36,000 lalaki. Marami ang kanilang mga asawa at mga anak. ⁵Mga taong magigiting din ang kanilang mga kapatid sa lahat ng angkan ni Isacar. Kabuuan ng nailista: 87,000.

⁶Sa Benjamin: Bela, Beker at Yediael: tatlo. ⁷Mga anak ni Bela: Esbon, Uzzi, Uziel, Yerimot at Iri, limang puno ng mga sambahayan, mga taong magigiting; 22,034 ang nailista. ⁸Mga anak ni Beker: Zemira, Yoas, Eliezer, Elyoenai, Omri Yeremot, Abiya, Anatot at Alamet: mga anak ni Beker ang lahat ng ito; ⁹20,200 ang nailistang pinuno ng mga sambahayan, mga magigiting na mandirigma. ¹⁰Anak ni Yediael si Bilan. ¹¹Mga anak ni Bilan: Yehus, Benjamin, Ehud, Kenana, Zetan, Tarsis at Ahisakar. Mga anak ni Yediael silang lahat na mga pinuno ng mga sambahayan, mga taong magigiting; 17,200 taong handang lumaban.

¹²Sina Supim at Hupim ang mga anak ni Iri, at pati si Husim. ¹³Mga anak ni Neftali: Yahasiel, Guni, Yeser, at Salum na mga anak ni Bila.

¹⁴Mga anak ni Manases: Asriel na ipinanganak sa kanya ng kanyang asawang-aliping Aramea, na naging ina rin ni Makir na ama ni Galaad. ¹⁵Kumuha ng asawa si Makir mula sa mga Hupim at Supim. Maaka ang pangalan ng kanyang kapatid na babae. Selofhad naman ang pangalan ng ikalawang anak, at mga babae lamang ang naging anak ni Selofhad. ¹⁶Nagkaanak si Maaka na asawa ni Makir ng isang

lalaki na pinangalanang Peres; si Seres ang kanyang kapatid at sina Ulam at Rekem naman ang kanyang mga anak. ¹⁷Anak ni Ulam si Bedan. Ito ang mga anak ni Galaad na anak ni Makir na anak ni Manases. ¹⁸Sina Ishod, Abiezer at Mahla naman ang mga anak ng kanyang kapatid na babae na si Hamoleket. ¹⁹Sina Akyan, Sikem, Liki at Aniam ang mga anak ni Semida.

²⁰Mga anak ni Efraim: Sutelah na ama ni Bered, ama ni Tahat, ama ni Elada, ama ni Tahat, ²¹ama ni Zabad, ama ni Sutelah. Mga anak ni Sutelah: sina Ezer at Elead. Pinatay sila ng mga taga-Gat na katutubo roon dahil kinuha nila ang mga kawan ng mga ito. ²²Maraming araw na nagluksa ang kanilang amang si Efraim at pinuntahan siya ng kanyang mga kapatid para aliwin. ²³Pagkatapos ay nakipagtalik siya sa kanyang asawa at nagkaanak ito ng isang lalaki na pinangalanang Beria dahil may kasa-maampalad sa kanilang sambahayan.

²⁴Anak na babae niya si Sera na nagpatayo sa Betoron-sa-ibaba at Betoron-sa-itaas, at si Uzen-sera. ²⁵Anak niya si Repa, ama ni Reset, ama ni Telah, ama ni Tahan, ²⁶ama ni Laedan, ama ni Amihud, ama ni Elisama, ²⁷ama ni Nun, ama ni Josue.

²⁸Lupain nilang pinamamayanan ang Betel at ang mga karatig-nayon nito, ang Naron sa silangan, ang Gezer at ang mga karatig-nayon nito sa kanluran, ang Sikem at ang mga sakop nito, hanggang Ay at ang mga sakop nito.

²⁹Sa mga anak ni Manases naman ang Bet-san, Tanac, Megiddo, Dor at ang mga sakop ng mga ito. Doon nanirahan ang mga anak ni Jose na anak ni Israel.

³⁰Mga anak ni Aser: sina Yimna, Yisva, Yisvi at Beria at si Zerah na kapatid na babae ng mga ito. ³¹Mga anak ni Beria: Heber at Malkiel. Si Malkiel ang naging ama ni Birzavia, ³²at si Heber ang naging ama nina Yaflet, Somer, Yotan, at ni Sua na kanilang kapatid na babae. ³³Mga anak ni Yaflet: sina Pasac, Bimal at Aswat. Ito ang mga anak ni Yaflet.

³⁴Mga anak ni Somer: Ahi, Roega, Huba at Aram. ³⁵Mga anak ni Helem na kanyang kapatid: Sofah, Himna, Seles at Amal. ³⁶Mga anak ni Sofah: Suah, Harnefer, Sual, Beri, Yimra, ³⁷Beser, Hod, Samma, Silsa, Yitran at Beera. ³⁸Mga anak ni Yeter: Yefone, Pispa at Ara. ³⁹Mga anak ni Ula: Arah, Haniel at Risyaa. ⁴⁰Mga anak ni Aser ang lahat ng ito na mga pinuno ng mga angkan, mga magigiting na mandirigma, mga puno ng mga pinuno; 26,000 lalaking handang lumaban ang nailista.

8 ¹Si Benjamin ang naging ama ni Bela na kanyang panganay; si Asbel ang pangalawa, si Ahram ang pangatlo, ²si Noja ang pangapat, at si Rafa ang panlima. ³Mga anak ni Bela: Adar, Gera, Abihud, ⁴Abisua, Naman, Ahoah, ⁵Gera, Sefufan at Huram. ⁶Ito ang mga anak ni Ehud na mga pinuno ng mga angkang nasa Geba, at idineport sa Manahat: ⁷Naaman, Ahias at Gera. Ito ang nagpadeport sa kanila at naging ama nina Uza at Ahud.

⁸Hiniwalayan ni Seharaim ang kanyang mga asawang sina Husim at Bara. Pagkatapos ay ipinanganak naman ⁹sa kanya ni Hodes na kanyang asawa sa Moab sina Yoab, Sibia, Mesa, Maltcam, ¹⁰Yeus, Sekiya at Mirma. Ito ang kanyang mga anak, na pinuno ng mga angkang. ¹¹Ipinanganak sa kanya ni Husim sina Abitut at Elpaal. ¹²Mga anak ni Elpaal: Eber, Misan, at Semer na nagpatayo sa Ono, Lod at sa mga nayong sakop ng mga ito. ¹³Sina Beria at Sema ang pinuno ng angkang nasa Ayalon; sila ang nagpalayas sa mga nasa Gat. ¹⁴Sina Ahio, Sasak, Yeremot, ¹⁵Zebadias, Arad, Heder, ¹⁶Mikael, Yispa at Yoha ang mga anak ni Beria. ¹⁷Sina Zebadias, Mesulam Yizki, Heber, ¹⁸Yismerai, Yizlia at Yobab ang mga anak ni Elpaal.

¹⁹Sina Yakim, Zikri, Zabdi, ²⁰Elyoenai, Silitai, Eliel, ²¹Adaya, Baraya, Semarat ang mga anak ni Simeil. ²²Sina Yispan, Eber, Eliel, ²³Abdon, Zikri, Hanan, ²⁴Hanania, Eylam, Anatotias, ²⁵Yipdaias at Peniel ang mga anak ni Sasak. ²⁶Sina Samserai, Seharias, Atalia, ²⁷Yarsias, Elias, Zikri ang mga anak ni Yeroham.

²⁸Ito ang mga pinuno ng mga angkang, na pinuno ng kani-kanilang sambahayan. Sa Jerusalem sila naninirahan.

²⁹Sa Gibeon namayan ang mga anak ni Gibeon naninirahan. Si Yeuel na ama ni Gibeon, Maaka naman ang pangalan ng kanyang asawa. ³⁰Si Abdon ang kanyang panganay, sumunod sina Sur, Kis, Baal, Ner, Nadab, ³¹Gedor, Ahio, Zeker at Miklot. ³²Ipinanganak ni Miklot si Simea. Sa Jerusalem din naninirahan ang mga ito, kasama ng kanilang mga kapatid.

³³Ipinanganak naman ni Ner si Kis, at ni Kis si Saul; si Saul ang naging ama nina Yonatan, Malkisua, Abinadab at Isbaal.

³⁴Ipinanganak ni Yonatan si Mepibaal na ama ni Mika. ³⁵Mga anak ni Mika: Piton, Melek, Tarea at Ahaz. ³⁶Ipinanganak ni Ahaz si Yoda na ama nina Alemet, Azmavet, at Zimri na ama ni Mosa. ³⁷Ipinanganak ni Mosa si Binan, ama si Rafa, ama ni Eleasa, ama ni Asel. ³⁸Nagkaroon ng anim na anak si Asel: Asrikam, Bokru, Ismael, Searias, Obadias at Hanan. ³⁹Ito ang mga anak ni Esek na kanyang kapatid: si Ulam ang

panganay, si Yehus ang pangalawa, si Elipelet ang pangatlo. ⁴⁰Magigiting na mandirigma na mga mamamana ang mga anak ni Ulam. Marami silang anak at apo: sandaan at limampu. Ang ahat ng ito ang mga inapo ni Benjamin.

9 ¹Nailista na ang lahat ng Israelita at nasusulat ito sa Aklat ng Mga Hari ng Israel. Ipinatapon naman sa Babilonia ang Juda dahil sa kanyang pagsuway.

Mga nanirahan sa Jerusalem pagkatapos ng pagkatapon

²Ang mga taga-Israel, mga pari, mga Levita at mga Netineo ang unang muling nanirahan sa kanilang mga mana at mga lunsod. ³Nanirahan sa Jerusalem ang mga taga-Juda, Benjamin, Efraim at Manases.

⁴Sa mga anak ni Juda: Utay, anak ni Aminadab, anak ni Uri, anak ni Imri, anak ni Bani, sa mga anak ni Peres na anak ni Juda. ⁵Sa mga Selanita: si Asaya na panganay at ang kanyang mga anak. ⁶Sa mga anak ni Zerach: si Yehuel at ang kanyang mga kapatid: 690.

⁷Sa mga anak ni Benjamin: si Salu, anak ni Mesulam, anak ni Hodavia, anak ni Hasenua, ⁸si Yibneyang anak ni Yeroham, si Elam na anak ni Uzzi, anak ni Mikri; si Mesulam na anak ni Sefatya, anak ni Reuel, anak ni Yibniya, ⁹at ang kanyang mga kapatid ayon sa kani-kanilang sambahayan: 956. Ang lahat ng ito ang mga pinuno ng mga angkang sa kani-kanilang mga sambahayan.

¹⁰Sa mga pari: sina Yedaya, Yeoyarib, Yakin, ¹¹Azarias na anak ni Helkias, anak ni Mesulam, anak ni Sadok, anak ni Merayot, anak ni Ahitub, na pinuno sa Bahay ng Diyos; ¹²si Adoya na anak ni Yeroham, anak ni Pashur, anak ni Malkiya; si Maesai na anak ni Adiel, anak ni Yahzerat, anak ni Mesulam, anak ni Mesalemit, anak ni Immer, ¹³at ang kanyang mga kapatid, mga pinuno ng mga sambahayan. 1,760 magigiting na lalaki sila, na naglilingkod sa Bahay ng Diyos.

¹⁴Sa mga Levita: si Semaya, anak ni Hasub, anak ni Azrikam, anak ni Hasabia, sa mga anak ni Merari. ¹⁵Sina Bakbakar, Heres, Galel, Matania, anak ni Mika, anak ni Zikri, anak ni Asaf; ¹⁶si Obadia, anak ni Semeya, anak ni Galal, anak ni Yedutun; si Berekias, anak ni Asa, anak ni Elkana, na nanirahan sa mga nayon ng mga Netofat.

¹⁷Sa mga bantay-pinto: sina Salum, Akub, Talmon, Ahiman at ang kanyang mga kapatid; si Salum ang pinuno. ¹⁸Mga bantay-pinto sila

hanggang ngayon sa kampo ng mga Levita, sa pintuan ng hari, sa silangan. ¹⁹Namahala sa paglilingkod si Salum, anak ni Kore, anak ni Ebiasaf, anak ni Korah, at ang kanyang mga kapatid sa sambayanan ng kanyang ama. Ang mga Koreita ang bantay sa pintuan ng Tolda sapagkat dati nang itinalaga ang kanilang mga ninuno sa pagbabantay sa pintuan ng kampo ni Yawe. ²⁰Dati nilang pinuno si Pinhas na anak ni Eleazar, at sumakanya si Yawe.

²¹Naging bantay-pinto sa Toldang Tagpuan si Zacarias na anak ni Meselema. ²²Dalawanda't labindalawang lahat ang pinili para magbantay sa mga pintuan at nakalista sila sa kanilang mga nayon. Sila ang itinalaga ni David at ng propetang si Samuel sa kanilang panghabmanahong tungkulin. ²³Itinalaga sila at ang kanilang mga anak sa mga pintuan ng Bahay ni Yawe na Bahay ng Tolda, sa mga himpilan. ²⁴May mga bantay-pinto sa apat na sulok: sa silangan, kanluran, hilaga at timog. ²⁵Paminsan-minsa'y tumutulong ang kanilang mga kapatid na naninirahan sa kanilang mga nayon, ²⁶dahil permanente ang apat na pinuno ng mga bantay-pinto. Sila rin ang mga Levitang namamahala sa mga silid at sa mga kayamanan ng Bahay ng Diyos. ²⁷Magdamag silang nasa paligid ng Bahay ng Diyos dahil sila ang nagbabantay nito at dala nila ang susi para magbukas niyon tuwing umaga.

²⁸Ang ilan naman sa mga Levita ang namahala sa mga bagay sa pagsamba; binibilang nila ang mga ito tuwing kukunin o ilalabas. ²⁹Ang iba pa ang sila namang namamahala sa mga kagamitan, sa lahat ng sagradong kagamitan, sa pinong harina, alak, insenso at mga pabango. ³⁰Ang mga pari naman ang naghahanda ng mga pabango.

³¹Si Matitiya na isa sa mga Levita na panganyay ni Salum na Koreita ang siyang namamahala sa pagpiprito ng mga handog. ³²Ang ilan sa mga Kehatita na kanilang kapatid ang namamahala sa paghahanay sa mga tinapay tuwing araw ng pahinga.

³³Mga mang-aawit din sila, na mga pinuno ng mga sambayanan ng mga Levita. Sa mga silid ng Bahay sila nakatira dahil sa kanilang trabaho araw at gabi. ³⁴Ito ang mga pinuno ng mga Levita ayon sa kani-kanilang mga angkan. Sa Jerusalem sila naninirahan.

Simula at kamatayan ni Saul

³⁵Sa Gibeon nanirahan ang ama ni Gibeon, na si Yeuel, na Maaka ang pangalan ng kanyang asawa, ³⁶at si Abdon naman ang kanyang panganay, at pagkatapos ay sina Sur, Kis, Baal,

Ner, Nadab, ³⁷Gedor, Ahio, Zacarias at Miklot. ³⁸Si Miklot ang naging ama ni Simeam. ³⁸Dati na ring nanirahan sa Jerusalem ang mga ito, gaya ng kanilang mga kapatid.

³⁹Ipinanganak ni Ner si Kis, at ni Kis si Saul; ipinanganak naman ni Saul sina Yonatan, Malkisua, Abinadab at Isbaal. ⁴⁰Anak ni Yonatan si Mepibaal na naging ama naman ni Mika. ⁴¹Mga anak ni Mika: Piton, Melek, Takrea at Ahaz. ⁴²Ipinanganak ni Ahaz si Yaera at ni Yaera sina Alemet, Azmawet at Zimri; si Zimri ang naging ama ni Mosa, ⁴³ama ni Binoa, ama ni Rafaya, ama ni Eleazar, ama ni Asel. ⁴⁴Nagkanak ng anim si Asel; at ito ang kanilang mga pangalan: Azrikam, Bokru, Ismael, Searia, Obadia at Hanan. Ito ang mga anak ni Asel.

10 ¹Nakipaglaban sa Israel ang mga Pilisteo, at nagsitakas ang mga Israelita sa harap ng mga Pilisteo at nabuwal sila sa Bundok Gilboa. ²Pinaligiran ng mga Pilisteo si Saul at ang kanyang mga anak at pinatay nila sina Yonatan, Abinadab at Malkisua na mga anak ni Saul. ³Natuon kay Saul ang bigat ng labanan, naabutan siya ng mga tagapana at nasugatan siya ng mga ito. ⁴At sinabi ni Saul sa kanyang tagapagdala ng kalasag: "Bunutin mo ang iyong tabak at isaksak sa akin at baka dumating ang mga supot na iyon at libakin lamang ako." Ngunit hindi pumayag ang tagapagdala ng kalasag dahil sa matinding takot. Kaya kinuha ni Saul ang kanyang tabak at ibinagsak ang sarili dito. ⁵Nang makitang patay na si Saul, ibinagsak din ng tagapagdala ng kalasag ang sarili sa kanyang tabak at namatay din siya. ⁶Ganito namatay si Saul kasama ang tatlo niyang anak at ang buo niyang sambayanan.

⁷Nang makita ng lahat ng Israelitang nasa lambak na nagsitakas na ang Israel at patay na si Saul at ang kanyang mga anak, iniwan nila ang kanilang mga bayan at nagsitakas din. Kaya dumating ang mga Pilisteo at nanirahan doon.

⁸Kinabukasan, dumating ang mga Pilisteo upang samsaman ang mga namatay at nakita nila si Saul at ang kanyang mga anak na nakabulagta sa bundok Gelboe. ⁹Sinamsaman nila siya at dinala ang kanyang ulo at mga sandata; at inilibot sa lupaing Pilisteo ang mabuting balita sa piling ng kanilang mga diyus-diyusan at ng kanilang bayan. ¹⁰Inilagay nila ang kanyang mga sandata sa bahay ng kanilang diyos, at ipinako naman ang kanyang ulo sa templo ni Dagon.

¹¹Nang mabalitaan ng mga taga-Yabes sa Galaad ang ginawa ng mga Pilisteo kay Saul,

¹² nagtindigan ang lahat ng lalaking matatampang, at kinuha nila ang bangkay ni Saul at pati ng kanyang mga anak. Inilipat nila ang mga ito sa Yabes at doon inilibing sa ilalim ng punong ensina ng Yabes at saka nag-ayuno sila nang pitong araw.

¹³ Namatay si Saul dahil sa kanyang pagsuway kay Yawe: hindi niya tinupad ang salita ni Yawe at maging sumangguni siya sa babaeng nakakasangguni sa mga patay. ¹⁴ Dahil sa hindi siya sumangguni kay Yawe, kaya ipinapatay siya at inilipat ang pagkahari kay David, anak ni Isai.

Si Haring David

11 ¹ Nagtipun-tipon ang buong Israel sa paligid ni David, sa Hebron, at sinabi nila: “Iyong buto at iyong laman kami. ² Noong hari na si Saul, ikaw pa ang nanguna sa Israel, at sinabi na sa iyo ni Yawe na iyong Diyos: Ikaw ang magpapastol sa aking bayang Israel at magiging pangulo ng aking bayang Israel.” ³ Kayat pinuntahan ng lahat ng matatanda ng Israel ang hari sa Hebron, at gumawa si David ng isang tipan sa kanila sa harap ni Yawe. Hinirang nila si David na hari sa Israel, ayon sa sinabi ni Yawe sa pamamagitan ni Samuel.

⁴ Pinuntahan ni David at ng buong Israel ang Jerusalem na siya ring Yebus, na pinamamayanan ng mga Yebuseo. ⁵ Sinabi ng mga taga-Yebus kay David: “Huwag kang papasok dito.” Ngunit kinuha ni David ang kuta ng Sion na siyang Lunsod ni David. ⁶ Sinabi na ni David: “Ang unang mananalo sa Yebuseo ay magiging puno at prinsipal.” At si Yoab, anak ni Saruya, ang unang sumalakay kaya naging puno siya. ⁷ Nanatili sa kuta si David, kaya ito’y tinawag na Lunsod ni David. ⁸ Ipinatayo niya ang lunsod sa palibot, mula sa Milo hanggang sa Bahay at ipinatayo muli ni Yoab naman ang natitira sa lunsod. ⁹ Laging tumataas si David at sumasakanya si Yawe ng mga hukbo.

Taong matatampang ni David

¹⁰ Narito ang mga pangunahin sa mandirigma ni David na magpilit na naggera kasama niya habang siya naghari; sila ang naggawa niyang hari, kasama ang Israel, ayon sa sinabi ni Yawe tungkol Israel.

¹¹ Ito ang lista ng matatampang ni David: si Isbaal, anak ng isang taga-Hakmon, pangulo ng Tatlo. Iwinasiwas niya ang kanyang tabak sa tatlong daang tao at pinatay sila nang minsanan.

¹² Sumunod sa kanya si Eleazar, anak ni Dodo na Ahohita, isa sa tatlo. ¹³ Kasama siya ni David sa Efes-Damim na pinagtipunan ng mga

Pilisteo upang lumaban. Mayroon isang bukid ng sebada at, tumakas na ang bayan sa harap ng mga Pilisteo; ¹⁴ kaya tumindig siya sa gitna ng bukid at pinalaya niya ito; at nanalo siya sa mga Pilisteo. Isang malaking pagtatagumpay ang ginawa ni Yawe roon.

¹⁵ Sa kabilang dako naman, bumaba kay David ang tatlo sa Tatlumpu sa yungib ni Odulam sa tag-ani noong nakakampo ang mga Pilisteo sa lambak ng Refaim. ¹⁶ Nasa kuta noon si David at nasa Betlehem naman ang isang pulutong ng mga Pilisteo. ¹⁷ May isang kapritso si David at sinabi niya: “Sino ang magbibigay sana sa akin ng tubig na galing sa balong nasa pintuan ng Betlehem!” ¹⁸ Kaya lumusot ang tatlo at pumasok sa kampo ng mga Pilisteo; kumuha sila ng tubig sa balong nasa pintuan ng Betlehem, at dinala nila at ibinigay kay David. Ngunit hindi uminom si David, kundi ginawa niya itong inuming handog kay Yawe. ¹⁹ Sinabi niya: “Iligtas nawa ako ni Yawe sa paggawa ng ganyang bagay! linumin ko ba ang dugo ng mga taong ito na nagsuong ng kanilang buhay sa panganib? Kapalit nga ng kanilang buhay ang tubig dinala nila.” At hindi sila uminom. Ito ang ginawa ng tatlong matatampang.

²⁰ Si Abisai, kapatid ni Yoab, ang pangulo ng Tatlumpu. Iwinasiwas ang kanyang sibat sa tatlong daang tao at napatay niya sila, kaya napabantog siya sa Tatlumpu. ²¹ Narangal pa siya sa Tatlumpu, at naging pangulo nila; ngunit hindi siyang umabot sa Tatlo.

²² Si Benaya ay anak ni Yoyada, taong taga-Cabsiel na napakatampang at gumawa ng mga kabayanihan. Siya ang pumatay sa dalawang matatampang ng Moab; siya ang lumusong din sa balon isang araw ng niebe at pinatay ang isang leon. ²³ Pinatay din niya ang isang Ehypsio na may limang siko ang taas. Ang Ehypsio ay may hawak na isang sibat na kagaya ng panghabi ng isang manghahabi, ngunit sinagupa siya ni Benaya na may dalang tungkod. Naagaw niya ang sibat na hawak ng Ehypsio at ipinampatay ito sa kanya. ²⁴ Ito ang mga kahanga-hangang ginawa ni Benaya, anak ni Yoyada, na napabantog sa Tatlumpu. Tanyag pa siya sa Tatlumpu, ngunit hindi siyang umabot sa Tatlo. Inilagay siya ni David bilang pangulo ng mga bantay niya.

²⁶ Ito ang matatampang na mandirigma: si Azael, kapatid ni Yoab; si Elkana, anak ni Dodo na taga-Betlehem; ²⁷ si Samot na Harorita; si Eles na taga-Pelet; ²⁸ si Ira, anak ni lkes na taga-Teco; si Abiezer na taga-Anatot; ²⁹ si Sibekay na taga-Husa; si Ilal na Ahohita; ³⁰ si Maharai na taga-Netofat; si Heled, anak ni Bana na taga-

Netofat; ³¹ si Itai, anak ni Ribai, na taga-Gibe, sa Benjamin; si Banayas na taga-Pireaton; ³² si Hurai, na taga-Batis-ng-Gas; si Abiel na taga-Betaraba; ³³ si Azmavet na taga-Bahurin; si Eliahba na taga-Salbon; ³⁴ si Yasem na taga-Aguni; si Yonatan, anak ni Sague na taga-Harar; ³⁵ si Ahiam, anak ni Sakar na taga-Harar; si Elifal, anak ni Ur; ³⁶ si Hefer na taga-Mekera; si Ahiya na taga-Giloh; ³⁷ si Hesro na taga-Karmel; si Naray, anak ni Esbai; ³⁸ si Yoel, kapatid ni Natan; si Mibhar, anak ni Hagri; ³⁹ si Selek, na Amonita; si Naharai na taga-Berot, tagapagdala ng sandata ni Yoab, anak ni Seruya; ⁴⁰ si Ira na taga-Yatir, si Gareb na taga-Yatir; ⁴¹ si Urias na Heteo; si Zabad, anak ni Ahlai; ⁴² si Adina, anak ni Siza na Rubenita, pangulo ng mga Rubenita, at ang tatlumpung kasama niya; ⁴³ si Hanan, anak ni Maaka; si Yosafat na taga-Mitni; ⁴⁴ si Ozias na taga-Astarot; sina Sama at Yeodel, mga anak ni Yotam na taga-Aroer; ⁴⁵ si Yediael, anak ni Simri at si Yoha na kanyang kapatid na Tisaita; ⁴⁶ si Eliel na taga-Mahawim; sina Yeribi at Yosavia, mga anak ni Elnaam; si Yitma na Moabita ⁴⁷ sina Eliel, Obed at Yaasiel na taga-Sobah.

Mga kampon ni David noong buhay pa si Saul

12 ¹Ito ang mga sumama kay David sa Siklag noong malayo pa siya kay Saul na anak ni Kis. Matatapang sila na tumulong sa kanya sa digmaan, na bihasang mamamanang natudla ng mga bato at mga pana maging sa kanang kamay o sa kaliwa.

² Sa mga kapatid ni Saul na taga-Benjamin: ³ si Ahiezer, ang pangulo; si Yoas, anak ni Sema na taga-Gibe; sina Yesuel at Pelet, mga anak ni Azmawet; si Beraka; si Yehu na taga-Anatot; ⁴ si Yismaeya na taga-Gibeon, matapang sa mga Tatlumpu; ⁵ sina Jeremias, Yahaziel, Yohanan, Yozabad, na taga-Gedera; ⁶ sina Eluzai, Yerimot, Bealia, Semarias, Sefatias na taga-Harif; ⁷ sina Elkana, Yishiya, Azarel, Yoezer at Yeroham na mga Korehita; ⁸ sina Yoela at Zebadias, mga anak ni Yeroham na taga-Guedor.

⁹ Sa mga Gadita ay sumama rin ang mga taga-Gad kay David sa Kuta sa Ilang. Taong matatapang sila, mga taong handang lumaban, na may kalasag at sibat; katulad ng mga leon ang kanilang mukha at mabibilis sila na katulad ng mga gasela sa kabundukan. ¹⁰ Si Ezer ang pangulo; si Obadia ang pangalawa; si Eliab ang pangatlo; ¹¹ si Mismana ang pang-apat; si Jeremias ang panlima; ¹² si Atai ang pang-anim; si Eliel ang pampito; ¹³ si Yohanan ang pangwalo; si Elzabad ang pansiyam; ¹⁴ si Jeremias ang

ikasampu; si Macbanai ang ikalabing-isa. ¹⁵ Ito ang mga anak ng Gad na mga pangulo ng hukbo; ang pinakamaliit ay kapantay sa sandaan, at ang pinakamalaki sa sanlibo. ¹⁶ Ito ang nagsitawid sa Jordan nang unang buwan sa panahon ng baha ng ilog sa lahat ng pampang, at nagsitaboy sa mga naninirahan sa mga lambak, sa silangan at sa kanluran.

¹⁷ Sumama kay David sa malaking bato ang ilan sa mga anak ng Benjamin at Juda. ¹⁸ Sinalubong sila ni David at sinabi sa kanila: “Kung kayo’y nagsiparitong may taglay na kapayapaan at tulong, ako’y makikiisang-damdamin sa inyo; datapuwat kung naparito kayong may hangaring ipagkanulo ako sa aking mga kaway gayong walang karahasan ang aking mga kamay, tumingin sana ang Diyos ng ating mga magulang at magparusa! ¹⁹ At nilukuban ng espiritu si Amasai na siyang pangulo ng Tatlumpu at sinabi: “Sumasaiyo ang kapayapaan, O David, sumasaiyo, O anak ni Isai, at sumasa tumutulong sa iyo, sapagkat Diyos ang tumulong sa iyo.” Kaya tinanggap sila ni David at ginawa silang mga pinuno ng hukbo.

²⁰ Pumanig kay David ang mga taga-Manases nang siya ay sumama sa mga Pilisteano upang labanan si Saul, ngunit hindi sila nakatulong sa mga ito sapagkat nagpasiya ang mga punong Pilisteano na pinaalis siya; sinabi nga nila: “At baka niya papanigan ang kanyang panginoong si Saul kapalit ng ating mga ulo!” ²¹ Kaya nang magbalik siya sa Siklag nakianib sa kanya ang mga Manaseitang ito: sina Adnah, Yozabad, Yediael, Mikael, Eliu at Siletai, mga pinuno ng libo sa Manases. ²² Tinulungan nila si David sa pagmunuan sa pangkat, sapagkat silang lahat ay mandirigmang matatapang at naging mga pangulo sa hukbo.

²³ Sa bawat araw ay parami ang mga naki-anib kay David, kayat naging ang kampo na kagaya ng isang napakaraming kampo.

²⁴ Narito ang bilang ng mga pinuno ng mga mandirigmang handang lumaban na dumating kay David sa Hebron, upang isalin sa kanya ang pagkahari ni Saul, ayon sa pag-uutos ni Yawe,

²⁵ Mga anak ng Juda na may kalasag at sibat: 6,800 na handa sa pakikipagdigma. ²⁶ Mga anak ng Simeon: 7,100 matatapang na mandirigma. ²⁷ Mga anak ng Levi: 4,600; ²⁸ bukod pa si Yoyada na puno ng angkan ni Aron na may kasamang 3,700, ²⁹ at si Sadok, binatang matapang, at ang kanyang sariling sambahayan na may dalawampu’t dalawang pinuno. ³⁰ Mga anak ng Benjamin, na mga kapatid ni Saul: 3,000; naglingkod na dati sa sambahayan ni Saul ang karamihan sa kanila. ³¹ Mga anak ng

Efraim: 20,800, taong matatapang at bantog sa kanilang angkang. ³² Sa kalahating tribu ng Manases: 18,000, na isa-isang ipinatawag upang gawing hari si David. ³³ Mga anak ng Isakar, na bihasa sa paghula kung ano ang dapat gawin ng Israel: 200 pinunong kasama ang kanilang mga kapatid na sa ilalim nila. ³⁴ Sa Zabulon: 50,000 mandirigmang handa na sa labanan na may lahat ng uri ng sandata at kusang-loob na nakakahanay. ³⁵ Sa Neftali: 1,000 pinuno na may kasamang 37,000 taong may dalang kalasag at sibat. ³⁶ Sa mga Danita 28,600 nakahanay na sa labanan. ³⁷ Sa Aser: 40,000 mandirigmang handa nang lumaban. ³⁸ Sa kabilang ibayo ng Jordan, sa mga Rubenita at Gadita at sa kalahating tribu ng Manases: 120,000 na may dala ng lahat ng uri ng sandata.

³⁹ Kusang-loob na dumating sa Hebron ang lahat ng mandirigmang ito na nakahanay sa labanan upang gawing hari si David sa buong Israel. Dumating din ang lahat ng iba pang Israelita upang ihayag nang walang tutol si David na hari. ⁴⁰ Tatlong araw silang tumigil kay David, na kumakain at umiinom ng ipinaghanda sa kanila ng kanilang mga kapatid. ⁴¹ Ganoon din, ang mga kalapit nila hanggang sa may Isakar, Zabulon at Neftali ay nagdala sa kanilang mga asno, mga kamelyo, mola at mga baka ng maraming harina, binilong igos at pasas, alak, langis, mga baka at mga tupa, sapagkat may kasayahan sa Israel.

Inilagay ang kaban sa bahay ni Obededom

13 ¹ Nakipagsanggunian si David sa mga pinuno ng libo at ng sandaan sa paningin ng lahat ng pangulo. ² At saka sinabi niya sa buong kalipunan ng Israel: “Kung mabutihin ninyo iyan at makasiya kay Yaweng ating Diyos, magpapasabi tayo sa ating mga kapatid sa buong lupain ng Israel, pati sa mga pari at mga Levitang naninirahan sa mga bayan at mga pastulan nila. Dapat silang magkaisa sa atin, upang bawiin ang kaban ni Yaweng ating Diyos. ³ Sapagkat pinabayaanan natin ito noong kapanahunan ni Saul.” ⁴ Kaya sumang-ayon ang buong kalipunan sapagkat inakala ng buong bayan na ito’y tama. Kayat tinipon ni David ang buong Israel, mula sa Sihor ng Ehipto hanggang sa pagpasok sa Hamat, upang ilipat buhat sa Kiriath-Yearim ang kaban ng Diyos.

⁶ Umahon si David at ang buong Israel sa ay Baala ng Kiriath-Yearim na sakop ng Juda upang ahunin buhat doon ang kaban ng Diyos na tinatawag na “Si Yaweng nakaupo sa mga kerubin” ⁷ Iniahon nila ang kaban ng Diyos buhat

sa bahay ni Abinadab sa isang bagong sasakyan. Sina Uza at Ahio ang mga pinalakad ito. ⁸ Nag-sasayaw at umaawit si David at ang buong Israel sa harapan ng Diyos nang buong sigla sa saliw ng mga gitara, mga harpa, pandereta, simbalo at trumpeta.

⁹ Pagdating nila sa giikan ni Kidon, iniunat ni Uza ang kanyang kamay upang hawakan ang kaban, sapagkat nadulas ang mga baka. ¹⁰ Nag-siklab ang galit ni Yawe kay Uza at pinatamaan siya dahil sa iniunat niya ang kamay sa kaban, at namatay siya roon, sa harapan ng Diyos. ¹¹ Nagalit si David dahil sa pagkapatay ni Yawe kay Uza kaya tinatawag na Bali ng Uza ang lugar na iyon hanggang ngayon.

¹² Nang araw na yaon natakot si David ng Diyos at sinabi niya: “Puwede ko bang dalhin sa aking bahay ang kaban ni Yawe?” ¹³ Kaya hindi dinala ni David ang kaban sa kanila sa Lunsod ni David, kundi ipinadala niya sa bahay ni Obededom na taga-Gat. ¹⁴ Tatlong buwan nanatili ang kaban ng Diyos sa bahay ni Obededom at pinagpala ni Yawe ang bahay ni Obededom at lahat ng naroroon.

Pagtatagumpay ni David sa mga Pilisteo

14 ¹ Nag-utos si Hiram, hari ng Tiro, ng mga sugo kay David at nagpadala ng mga kahoy na sedro, mga kantero at mga karpintero upang itayo sa kanya ang isang bahay. ² Kaya naunawaan ni David na pinagtibay na ni Yawe ang kanyang pagkahari sa Israel, at pinataas ang kanyang pagkahari alang-alang sa kanyang bayang Israel.

³ Sa Jerusalem, kumuha pa si David ng ibang mga asawa at ipinanganak niya ang mga anak na lalaki at babae. ⁴ Ito ang mga pangalan ng mga ipinanganak sa kanya sa Jerusalem: Samua, Sobab, Natan, Salomon, ⁵ Yibhar, Elsua, Elpelet, ⁶ Noga, Nefeg, Yafia, ⁷ Elisama, Baalyada, Elipelet.

⁸ Nang mabalitaan ng mga Pilisteo na pinahirang si David na hari ng buong Israel, umahon silang lahat upang hanapin siya ngunit nabalitaan ni David at sinalubong sila. ⁹ Dumating ang mga Pilisteo at naghanay sa lambak ng Refaim. ¹⁰ Sumangguni naman si David kay Yawe nang ganito: “Dapat ba akong sumalakay sa mga Pilisteo? Ibibigay mo ba sila sa aking mga kamay?” Sinagot siya ni Yawe: “Sumalakay ka; ibibigay ko sila sa iyong kamay.”

¹¹ Umahon sila sa Baal Perasim at dito sila nilupig ni David. At sinabi ni David: “Binali ng Diyos ang aking mga kaaway sa pamamagitan ko na gaya ng bumubugsong tubig.” Kaya tina-

wag na Baal Perasim ang lugar na iyon. ¹²Iniwan doon ng mga Pilisteo ang kanilang diyus-diyusan at sinabi ni David: “Sunugin ang mga ito.”

¹³Muling naghanay ang mga Pilisteo sa lambak. ¹⁴Sumangguni naman si David sa Diyos at sinabi sa kanya: “Huwag kang umahon sa kanila; lumigid ka sa kanila; salakayin mo sila sa tapat ng mga punong balsamera. ¹⁵Kung makarinig ka ng mga yabag sa tuktok ng mga punong balsamera, sasalakay ka, at mungunguna sa iyo si Yawe upang lupigin ang hukbong Pilisteo. ¹⁶Ginawa nga ni David ang ipinag-utos sa kanya ni Yawe at nilupig niya ang hukbong Pilisteo mula sa Gibeon hanggang sa Gezer.

¹⁷Lumaganap ang kabantugan ni David sa lahat ng mga bansa at ginawa ni Yawe na katakutan siya ng lahat ng bayan.

Inilipat sa Jerusalem ang kaban

15 ¹Nagpagawa si David ng mga bahay sa Lunsod ni David. Inihanda niya ang isang lugar sa kaban ng Diyos at itinayo ng isang tolda sa kanya. ²Noon sinabi ni David: “Ang mga Levita lamang ang makapagpapasan ng kaban ng Diyos, sapagkat sila ang pinili ni Yawe upang pasasin ang kaban ni Yawe at palagiang paglingkuran ito.” ³Kaya tinipon ni David ang buong Israel sa Jerusalem upang iahon ang kaban ni Yawe sa lugar na inihanda sa kanya. ⁴Ipinatipon ni David ang mga anak ni Aron at ang mga Levita: ⁵sa mga anak ni Kehat, ang pinunong si Uriel at ang sandaan at dalawampu niyang kapatid; ⁶sa mga anak ni Merari, ang pinunong si Asaya at dalawandaan at dalawampu niyang kapatid; ⁷sa mga anak ni Gerson, ang pinunong si Yoel at ang pinunong si Semeya at ang dalawandaan niyang kapatid; ⁸sa mga anak ni Elisafan, ang pinunong si Semeya at ang dalawandaan niyang kapatid; ⁹sa mga anak ni Hebron, ang pinunong si Eliel at ang walumpu niyang kapatid; ¹⁰sa mga anak ni Uziel, ang pinunong si Aminadab at ang sandaan at labindalawa niyang kapatid.

¹¹Tinawag ni David ang mga paring sina Sadok at Abiatar, at ang mga Levitang sina Uriel, Asaya, Yoel, Semeya, Eliel at Aminadab ¹²at sinabi sa kanila: “Kayo ang mga pinuno ng mga angkan ng mga Levita. Magpakabanal kayo at ang inyong mga kapatid upang iahon ninyo ang kaban ni Yaweng Diyos ng Israel sa lugar na nahanda ko dito. ¹³Wala kayo sa unang pagkakataon, at dahil dito nabali tayo ni Yawe sapagkat hindi tayo sumangguni sa kanya nang nararapat.”

¹⁴Kaya nagpakabanal ang mga pari at ang mga Levita upang maiahon ang kaban ni

Yaweng Diyos ng Israel, ¹⁵at dinala ng mga Levita ang kaban ng Diyos, alinsunod sa ipinag-utos ni Moises, na nakapatong sa kanilang mga balikang mga pingga niyon batay sa nasabi ni Yawe.

¹⁶Ipinag-utos ni David sa mga pinuno ng mga Levita na puwestuhin ang kanilang mga kapatid na mang-aawit na taglay ang mga panugtog: mga gitara, mga arpa at simbalo upang magpasaya sa mga awit at sigaw. ¹⁷Itinalaga ng mga Levita: si Heman, anak ni Yoel; sa kanyang mga kapatid si Asaf, anak ni Barakias; sa mga anak ni Merari na kanilang mga kapatid si Hetan, anak ni Kisaya. ¹⁸Gayon din ang kanilang mga kapatid sa pangalawang hanay: sina Zakarias, Uziel, Semiramot, Yehiel, Uni, Eliab, Maaseyas, Matitias, Elipele, Mikneyas, Obededom at Yeiel na mga bantay-pinto. ¹⁹Ang mga mang-aawit na sina Heman, Asaf at Etan ay may dalang matutunog na simbalong tanso. ²⁰Sina Zakarias, Uziel, Semiramot, Yehiel, Uni, Eliab, Maaseyas at Benayas ay may dalang mga arpang mababa ang tono; ²²sina Matitias, Elipele, Mikneyas, Obededom, Yeiel at Azazias ay may mga sitarang itinugma sa oktaba upang mamahan.

Namumuno sa pagsakay si Kenanias, pinuno ng mga Levitang tagapagsakay sapagkat bihasa siya sa bagay na ito. ²³Sina Berekias at Elkana ay mga bantay-pinto ng kaban. ²⁴Ang mga paring sina Sebanias, Yosafat, Natanael, Amasai, Zakarias, Benayas at Eliezer ang umihip ng mga trumpeta sa harapan ng kaban ng Diyos. Sina Obededom at Yihias ay bantay-pinto rin ng kaban.

²⁵Kaya naglakad si David at ang matatanda ng Israel at ang mga pinuno ng libo upang iahon ang kaban ng tipan ni Yawe buhat sa bahay ni Obededom nang may malaking kasayahan. ²⁶Inihain ang pitong toro at pitong tupang lalaki at tinulungan naman ng Diyos ang mga Levitang nagpapasan ng kaban ng tipan ni Yawe. ²⁷Nakasuot si David ng balabal na linong mainam; gayon din ang lahat ng Levitang nagpapasan ng kaban, ang mga mang-aawit at si Kenanias na tagapamahala sa paglilipat. Suot din ni David ang efod na lino.

²⁸Kaya iniahon ng buong Israel ang kaban ng tipan ni Yawe, nang may hiyawan, at saliw ng mga tambuli, mga trumpeta, simbalo, mga arpa at gitara. ²⁹Nang dumating ang kaban ng tipan ni Yawe sa Lunsod ni David, tumingin sa bintana si Mikol, na anak na babae ni Saul, at pagkakita niyang sumasayaw at lumulukso si haring David, hinamak niya ito sa kanyang puso.

Ang kaban sa loob ng tolda

16 ¹Naipadala na ang kaban ng Diyos at inilagay ito sa gitna ng toldang ipinahanda ni David; at inialay ang mga susunuging handog at mga handog ng mabuting pagsasama sa harapan ng Diyos. ²Pagkaalay ni David ng mga susunuging handog at ng mga handog ng mabuting pagsasama, binasbasan niya ang bayan sa ngalan ni Yawe.

³Ipinamahagi niya sa lahat ng Israelita, lalaki at babae, ang isang tinapay, isang inihaw na karne at isang binilong pasas.

⁴Naglagay siya ng ilang mga Levita na maglilingkod sa harapan ng kaban ni Yawe upang ipagdiwang, pasalamat at purihin si Yaweng Diyos ng Israel: ⁵Asaf ang pinuno; Zakarias ang pangalawa; Uziel, Semiramot, Yehiel, Matatias, Eliab, Benayas, Obededom at Yeiel, na may mga arpa at mga gitara, at si Asaf naman ang nagpapatunog ng mga simbalo. ⁶Ang mg paring sina Benaya at Yohaziel ay walang tigil na umiihip ng mga trumpeta sa harapan ng kaban ng tipan ni Yawe sa araw na iyon. ⁷Noon unang iniutos ni David ang pasasalamat na ito kay Yawe sa pamamagitan ni Asaf at ng kanyang mga kapatid.

⁸Purihin si Yawe at tumawag sa kanyang pangalan, ipagbantog sa mga bayan ang kanyang mga kahanga-hangang gawa. ⁹Magsiawit kayo sa kanya, magsiawit ng mga papuri sa kanya, isalaysay ninyo ang lahat niyang kababalaghan, ¹⁰Ipagmapuri ninyo ang kanyang banal na pangalan, magalak ang puso ng mga naghahanap kay Yawe!

¹¹Hanapin ninyo si Yawe at ang kanyang kapangyarihan, hanaping lagi ang kanyang mukha. ¹²Gunitain ninyo ang kahanga-hangang ginawa niya, ang kanyang mga kababalaghan at ang mga pasiya ng kanyang bibig. ¹³O lahi ng Israel na kanyang lingkod, O mga anak ng Jacob, mga hinirang niya!

¹⁴Siya si Yaweng ating Diyos, umabot sa lahat ng sangkalupaan ang kanyang mga pasiya! ¹⁵Lagi ninyong alaala ang kanyang tipan, ang iniutos niya sa libong salinlahi, ¹⁶ang tipang pinagtibay niya kay Abraham, ang pangakong isinumpa niya kay Isaac, ¹⁷ang batas na pinagtibay niya kay Jacob, ang walang hanggang tipan kay Israel, ¹⁸nang sabihin: "Ibibigay ko ito ang lupaing Kanaan, magiging ito ang iyong pamana, ¹⁹ilan lamang kayo noon, at kakaunti at mga dayuhan sa lupain." ²⁰Pagala-gala sila sa mga bansa at kaharian; ²¹subalit hindi sila pinabayaang siilin ng sino man at pinarusahan niya ang mga hari alang-alang sa kanila.

²²"Huwag ninyong galawin, aniya, ang aking mga hinirang, at huwag gawan ng masama ang aking mga propeta." ²³Umawit kay Yawe ang buong lupa. Ipagbunyi ninyo araw-araw ang kanyang pagliligtas. ²⁴Ipahayag sa mga bansa ang kanyang kaluwalhatian, sa lahat ng bayan ang kanyang mga kahanga-hangang ginawa. ²⁵Dakila si Yawe at napakarangal, kakilakilabot pa siya sa lahat ng diyos. ²⁶Mga idolo lamang ang mga diyos ng mga bansa; si Yawe naman ang gumawa ng mga langit. ²⁷Kamahalan at karilagan ay nasa kanyang harapan, kalakasan at kagalakan sa kanyang tirahan.

²⁸Luwalhatiin ninyo si Yawe, O mga angkan ng mga bayan, kilalanin ninyo ang kanyang lakas. Luwalhatiin ninyo ang pangalan ni Yawe. Magsipag-alay kayo sa kanya at humarap sa kanya. Sambahin si Yawe nang may taglay na banal na kasuotan. ³⁰Manginig ang sanlibutan sa kanyang harapan, at patatagin ang daigdig at nang di matinag. ³¹Magalak ang mga langit at magsaya ang lupa. Sabihin sa mga bansa: Naghahari si Yawe. ³²Umugong ang karagatan at lahat ng naroroon; matuwa ang parang at lahat ng nasa kanya. ³³Magsihyaw ang mga punungkahoy sa gubat dahil sa galak, sapagkat dumarating si Yaweng upang huhukom sa lupa. ³⁴Ipagdiwang ninyo si Yawe, sapagkat mabuti siya, sapagkat walang hanggan ang kanyang awa. ³⁵Sabihin ninyo: Iligtas mo kami, O Diyos na aming tagapagligtas; tipunin mo kami at iligtas sa mga bansa, upang ipagdiwang namin ang iyong banal na pangalan, upang ipagmapuri ang pagluluwalhati sa iyo! ³⁶Purihin si Yaweng Diyos ng Israel, mula sa walang pasimula hanggang sa walang hanggan!"

At sinabi ng buong bayan: "Amen! Purihin si Yawe!"

³⁷Iniwan ni David doon sa harap ng kaban ng tipan ni Yawe si Asaf at ang kanyang mga kapatid upang maglingkod araw-araw sa harapan ng kaban, ayon sa ipinag-uutos sa bawat araw; ³⁸gayon din si Obededom at ang kanyang animnapu't walong kapatid. Mga bantay-pinto naman si Obededom na anak ni Yedutun at si Hosa. ³⁹Iniwan ng hari si Sadok na pari at ang mga paring kapatid niya sa harap ng Tirahan ni Yawe, sa mataas na lugar sa Gibeon ⁴⁰upang mag-alay kay Yawe ng palangiang susunuging handog sa altar ng susunuging handog, sa umaga at hapon, ayon sa lahat ng nasusulat sa batas na ibinigay ni Yawe sa Israel. ⁴¹Kasama rin nila si Heman at si Yedutun at ang ibang hinirang na piniling isa-isa upang magpuri kay Yawe "sapagkat walang hanggan ang kanyang awa!"

⁴²Mayroon silang mga trumpeta, mga matunog

na simbalo at ang mga panugtog ng pag-awit sa Diyos. Nakatayo sa pintuan ang mga anak ni Yedutun.

⁴³Pagkatapos, umuwi ang buong bayan, ang bawat isa sa kanyang bahay, at umuwi rin si David upang batiin ang kanyang angkan.

Ang balak ni David na ipatayo ang templo

17 ¹Nang nasa kanyang bahay na si David ay sinabi niya sa propeta Natan: “Nasa isang bahay na sedro na ako, at nasa ilalim ng mga kurtina naman ang kaban ng tipan ni Yawe.” ²Sumagot si Natan kay David: “Gawin mo ang lahat ng iniisip mo, sasaiyo si Yawe.”

³Ngunit kinagabihan dumating kay Natan ang isang salita ni Yawe: “Humayo at sabihin mo kay David na aking lingkod: ito ang sinabi ni Yawe: Hindi ikaw ang magpapatayo ng bahay na aking pagtitigilan! ⁵Kung sa bagay, hindi ako nakatitira sa isang bahay mula noong iniahon ko ang Israel hanggang ngayon, kundi ako’y gumala mula sa tolda sa tolda, at mula sa kanlungan sa kanlungan. ⁶Sa buong panahong lumakad ako kasama ng lahat ng Israel, humingi ba ako sa isa sa mga hukom ng Israel? Nagsabi na ako sa mga itinalaga kong mga pastol ng aking bayan: Bakit hindi ninyo ako ipinagpatayo ng isang bahay na sedro? ⁷Kaya ganito ang sasabihin mo sa aking lingkod na si David. Ito ang salita ni Yawe ng mga hukbo: Kinuha kita sa pastulan sa likod ng kawan upang maging prinsipal ka ng aking bayang Israel. ⁸Sinamahan kita sa lahat ng lakad mo at nilipol ko sa harap mo ang lahat ng kaaway mo. Binigyan kita ng kabantugang kagaya ng sa mga dakila sa lupa. ⁹Maglalaan ako ng isang lugar sa aking bayang Israel at doon ko itanim ito ay patataginan ko ito manatili. Wala nang gagambala sa kanya, wala nang masasamang gugulo sa kanya gaya noong una. ¹⁰Pagkatapos ng panahong itinalaga ko ang mga hukom sa aking bayang Israel, pinasuko ko ang lahat ng kaaway mo. Palalaguin kita at itatayo ni Yawe ang isang bahay sa iyo. ¹¹Kung matutupad ang iyong panahon at mapapasama ka sa iyong mga magulang, babangon ako ng isa sa iyong mga anak; ako ng isang kahalili mo sa iyong lahi na galing, hahalili sa iyo ang iyong supling na ito at papatibayin ko ang kanyang pagkahari. ¹²Ipagpapatayo niya ako ng isang bahay at patitibayin ko magpakailanman ang kanyang pagkahari. ¹³Ako ang magiging ama niya at siya naman ang aking anak, at hindi ko na babawiin sa kanya ang aking kagandahang-loob kagaya ng ginawa ko sa iyong nauna sa iyo. ¹⁴Pananatilihin ko siya magpakailanman sa iyong bahay at kaharian, at

magiging matatag magpasawalanghangan ang kanyang luklukan.”

¹⁵At nagsalita si Natan kay David ayon sa pangitain at sa pananalitang ito.

¹⁶At saka dumating si David sa harapan ni Yawe at nagsabi: “Sino ba ako, O Yaweng Diyos, at sino ang aking sambahayan? at pinaabot mo pa ako nang gayong kataas? ¹⁷Ngunit maliit na bagay pa ba ito sa iyong paningin, O Diyos, at nangangako ka pa hinggil sa sambahayan ng iyong lingkod sa malayong panahong darating. Itinuring mo ako na waring isang taong mahalaga, O Yaweng Diyos? ¹⁸Ano pa ba ang maida-dagdag ni David upang luwalhatiin ka? Nalalaman mong mabuti ang iyong lingkod, ¹⁹O Yawe, at dahil sa iyong ibig, isinagawa mo ang dakilang bagay na ito upang ipahayag ang iyong mga kadakilaan. ²⁰O Yawe, wala kang katulad, at walang ibang diyos maliban sa iyo, alinsunod sa lahat ng aming nabalitaan. ²¹Anong bansa na katulad ng bayan mong Israel sa lahat ng sanlibutan? Anong bansa ang pinuntahan ng isang Diyos upang tubusin siya at gawing sariling bayan nito at dakilain siya sa pamamagitan ng mga bagay na kahanga-hanga at kakila-kilabot? Ikaw nga ang nagtaboy sa mga bansa sa harapan ng bayan mong tinubos sa Ehipto. ²²Naging iyong sariling bayan ang bayang Israel magpasawalanghangan, at ikaw naman, O Yawe, ang naging Diyos nila.

²³Kaya mapatunayan nawa magpakailanman ang iyong pangako tungkol sa iyong lingkod, at sa kanyang sambahayan, O Yawe; gawin mo ang sinabi mo. ²⁴Mapatunayan nawa ito at dakilain magpakailanman ang iyong pangalan, sa pagsasabing: ‘Nagiging Diyos ng Israel si Yawe ng mga hukbo.’ Kaya magiging matatag sa harapan mo ang sambahayan ng kanyang lingkod na si David. ²⁵Ikaw, O aking Diyos, ang nagpahayag sa iyong lingkod na itatayo mo sa kanya ang isang bahay; kaya buong tapang na nananalangin sa iyong harapan ang iyong lingkod. ²⁶Tunay nga, O Yawe, ikaw na Diyos ang nangangako sa iyong lingkod. ²⁷Kaya pagpalain mo nawa ang sambahayan ng iyong lingkod upang manatili na ito sa iyong harapan magpakailanman. Kung ikaw ang magpapalad, O Yawe, pagpapalain ito magpakailanman.”

Mga pagtatagumpay ni David

18 ¹Pagkatapos, nilupig ni David ang mga Pilisteo at napailalim sila sa kanya; kinuha niya ang Gat at ang mga nayong sakop nito sa kamay ng mga Pilisteo. ²Pinuksa rin niya ang mga Moabita na napasakop din kay David at nagbigay ng buwis sa kanya. ³Nilupig din ni

David si Hadadezer, hari ng Soba, nang lumakad ito upang sakupin ang ilog Eufrates. Nakuha ni David sa kanya isang libong sasakyan, pitong libong mangangabayo at dalawampung libong kawal na naglalakad; pinilayan niya ang mga kabayo ng mga sasakyan at wala siyang iniwan kundi ang sandaang sasakyan. ⁵Nang tulungan ng mga Arameong taga-Damasco si Hadadezer, hari ng Saba, nilupig ni David ang dalawampung libong Arameo. ⁶Naglagay siya ng mga opisyal sa Aram ng Damasco at napailalim kay David ang mga Sirio at nagbayad ng buwis. Ganoon pinapagtagumpay ni Yawe si David saan man siya magtungo.

⁷Sinamsam ni David ang mga kalasag ng ginto na dala ng mga tauhan ni Hadadezer at ipinadala sa Jerusalem. ⁸Sa Tibha at sa Kun, mga lunsod ni Hadadezer, nakakuha si David ng napakaraming tanso, na ginamit ni Salomon sa paggawa ng dagat-dagatan, mga haligi at mga kagamitang tanso.

⁹Pagkabalita ni Tou, hari ng Hamat, na nilupig ni David ang buong hukbo ni Hadadezer, hari ng Soba, ¹⁰sinugo niya ang kanyang anak na si Hadoram upang sumalubong at bumati sa haring David, dahil sa pagkalusob at pagkagapi nito kay Hadadezer. Sapagkat kalaban ni Hadadezer si Tou. Nagpadala rin siya ng lahat ng uri ng sarong ginto, pilak at tanso. ¹¹Itinalaga ni haring David kay Yawe ang mga ito pati ang ginto at pilak na nasamsam sa lahat ng bansa, sa Edom, sa Moab, sa mga Amonita, sa mga Pilisteo at sa mga Amalekita.

¹²Pagbalik niya, nagapi niya ang labingwalong libong Edomita sa may lambak ng Asin; naglagay siya ng mga opisyal sa Edom at napailalim ang buong Edom kay David. Pinapagtagumpay ni Yawe si David saan man siya magtungo.

¹⁴Kaya naghari si David sa buong Israel ay gumawa siya ng matuwid at katarungan sa buong bayan niya. ¹⁵Si Yoab, anak ni Sarvia, ang siyang pangulo ng hukbo; si Yosafat, anak ni Ahilud, ang tagapagsalaysay; ¹⁶si Sadok, anak ni Ahitub, at si Abimelek, anak ni Abiatar, ang mga pari; si Sawsa ang kalihim; ¹⁷si Bana-yas, anak ni Yoyada, ang pinuno ng mga Kere-teo at mga Peleteo. Ang mga anak ni David ay ang mga unang katulong ng hari sa gilid niya.

Pakikipagdigma sa mga Amonita at sa mga kaanib nila

19 ¹Pagkaraan nito, namatay ang hari ng mga Amonita na si Nahas at hinalinhan siya ng kanyang anak. ²Sinabi ni David: “Ako’y magpapamalas ng kagandahang-loob kay

Hanun, na anak ni Nahas, sapagkat nagmagan-dang-loob sa akin ang kanyang ama.”

Kaya nagsugo si David upang aliwin siya alang-alang sa kanyang ama at dumating ang mga sugo ni David sa lupain ng mga Amonita upang aliwin si Hanun. ³Ngunit sinabi ng mga punong Amonita kay Hanun: “Akala mo bang naipadala ni David ng mga mang-aaliw na ito upang parangalan ang iyong ama? Tiyak na dumating ang kanyang mga tauhan upang magsaliksik, maniktik at manggulo sa lupain.”

⁴Kaya hinuli ni Hanun ang mga tauhan ni David, inahitan sila at pinutol ang kanilang mga damit hanggang sa may pigi, at saka pinaalis sila. ⁵Nabalitaan ni David ang ginawa sa mga taong iyon, kaya ipinasalubong sila dahil sa malaking kahihiyang sinapit nila. Sinabi ng hari sa kanila: “Tumigil muna kayo sa Jerico hanggang sa tumubo ang inyong balbas at saka kayo uui.”

⁶Alam ng mga Amonita na naging kasuklam-suklam sila kay David, kayat nagpadala si Hanun at ang mga Amonita ng sanlibong talentong pilak upang mangupahan ng mga sasakyan at mga mangangabayo sa mga Arameo sa Mesopotamia at sa mga Arameo ng Maaka at Soba. ⁷Nangupahan sila ng tatlumpu’t dalawang libong sasakyan pati ang hari ng Maaka at ang kanyang mga tauhan, na nagkampo sa tapat ng Madeba, samantalang lumabas ang mga Amonita sa kanilang mga lunsod upang lumaban.

⁸Nang mabalitaan iyon ni David, sinugo niya si Yoab na kasama ang buong hukbo ng mata-tapang. ⁹Lumabas ang mga Amonita at naghana sa pintuan ng lunsod, samantalang nanatili sa kabukiran ang mga haring nakarating. ¹⁰Pagkakita ni Yoab na may kalaban sa harapan at sa likuran, pinahanay niya sa harapan ng mga Arameo ang ilan sa mga pinili ng buong Israel. ¹¹At itinagubilin niya sa kapatid niyang si Abisai ang natitira sa mga tao upang humanay sa harapan ng mga Amonita. ¹²Sinabi niya: “Kung matatalo ako ng mga Arameo, saklolohan mo ako, at kung matatalo ka naman ng mga Amonita, sasaklolohan kita. ¹³Magpakalakas ka at magpakatapang alang-alang sa ating bayan at sa mga lunsod ng ating Diyos, at gagawin ng Panginoon kung ano man ang inaakala niyang mabuti.”

¹⁴Dinaluhong ni Yoab at ang mga kasama niya ang mga Arameo, at nagsitakas ang mga ito sa harapan niya. ¹⁵Nang makita ng mga Amonita na nagsitakas ang mga Arameo, sila rin ay nagsitakas sa harapan ni Abisai, kapatid ni Yoab, at nagsipasok sila sa lunsod. Kaya nagbalik na si Yoab sa Jerusalem.

¹⁶Pagkatatalo ng Israel sa mga Arameo, nagsugo sila upang pukawin ang mga Arameong nasa kabilang ibayo ng ilog, na pinamunuan ni Sopac, pangulo ng hukbo ni Hada-dezer. ¹⁷Nang mabalitaan ito ni David, tinipon niya ang buong Israel, tinawid ang Jordan at pagkasalubong sa kanila naghanda siya sa harapan nila. Inihanay ni David ang kanyang hukbo at kapagdaka'y nilusob siya nila. ¹⁸Ngunit tumakas ang mga Sirio sa harapan ng Israel, at nakapatay si David sa mga Sirio ng mga sakay ng pitong libong sasakyan at apatnapung libong kawal na naglalakad. At pinapatay niya si Sopac, na heneral ng hukbo. ¹⁹Nang makita ng mga nasakop ni Hadadezer na nagapi sila ng Israel, nakipagpayapaan sila kay David at napa-ilalim sila sa kanya. Hindi na tinulungan ng mga Arameo ang mga Amonita.

Parusa sa mga Amonita

20 ¹Sa pagsisimula ng sumunod na taon, sa panahong lumalabas ang mga hari sa pananalakay, sumalakay si Yoab kasama ang isang malakas na hukbo sa lupain ng mga Amonita. Kinubkob niya ang Raba, samantalang nananatili si David sa Jerusalem. Nilupig ni Yoab ang Raba at winasak niya ito.

²Inalis ni David ang koronang nasa ulo ni Milkom; natuklasan na tumitimbang ito ng isang talentong ginto at may isang mamahaling bato. Ito ay inilagay sa ulo ni David. Napakarami ng nasamsam sa lunsod. ³Ang mga taong-bayan naman ay pinalabas niya at pinahawak ng mga lagari, mga pikong bakal at mga palakol, at gayon din ang ginawa ni David sa lahat ng lunsod ng mga Amonita. At nagbalik si David at ang buong bayan sa Jerusalem.

⁴Pagkatapos, nagkaroon ng isang labanan sa mga Pilisteo sa Gezer. Noon napatay ni Sibekai na taga-Musal si Sipai, isa sa mga Refaim, at napasuko ang mga Pilisteo. ⁵Nagkaroon ng isa pang labanan sa mga Pilisteo, at napatay ni Elhanan, anak ni Yaaring taga-Betlehem ang kapatid ni Goliat na taga-Gat, na ang dalang sibat ay kagaya ng panghabi ng manghahabi.

⁶Nagkaroon uli ng isang labanan sa Gat. Mayroon dito ang isang taong matangkad na may anim na daliri sa mga kamay at sa mga paa, dalawampu't apat na lahat, at inapo rin siya ng mga Refaim. ⁷Paghamon niya ang Israel, pinatay siya ni Yonatan, anak ni Simea, kapatid ni David. ⁸Ito ang mga supling ng mga Refaim na taga-Gat na napatay ni David at ng kanyang mga lingkod.

Ang pagtatala at ang salot

21 ¹Bumangon si Satanas laban sa Israel at pinukaw niyang gumawa si David ng pagtatala sa mga Israelita. ²Sinabi ni David kay Yoab at sa mga pinuno ng bayan: "Humayo kayo at bilangin ang Israel buhat sa Berseba hanggang sa Dan at ipaalang ninyo sa akin upang malaman ko ang bilang." ³Sumagot si Yoab: "Paramihin sana ni Yawe ang kanyang bayan nang makasandaan pa! O haring aking panginoon, hindi ba mga lingkod ng aking panginoon silang lahat? Bakit binabalak gawin ang bagay na iyan ng aking panginoon? Bakit gagawin ang bagay na ito na maaaring ipagkasala ng Israel?"

⁴Gayon man, napilit ng hari si Yoab, kaya lumakad siya, nilibot ang buong Israel at pagkatapos ay nagbalik sa Jerusalem. ⁵Ibinigay ni Yoab kay David ang bilang ng tala sa bayan. May 1,100,000 taong handang humawak ng tabak sa buong Israel, at 470,000 naman sa Juda. ⁶Ngunit hindi natala ang Levi at Benjamin dahil kinamumuhian ni Yoab ang utos na ito ni David.

⁷Masama ito sa paningin ng Diyos, kaya sinaktan niya ang Israel. ⁸Noon sinabi ni David sa Diyos: "Labis akong nagkasala sa paggawa nito, kayat ngayon patawarin mo nga ang kasalanan ng iyong lingkod, sapagkat ako'y nakagawa ng kahangalan."

⁹Nagsalita si Yawe kay Gad na propeta ni David: ¹⁰"Magsasabi ka kay David. Ito ang salita ni Yawe: Tatlong bagay ang iniaalok ko sa iyo. Pumili ka ng isa at aking gagawin." ¹¹Humarap nga si Gad kay David: "Ito, aniya, ang sinasabi ni Yawe. Pumili ka: ¹²o tatlong taon taggutom, o tatlong buwang pagtakas sa iyong mga kalaban at aabutan ka ng tabak ng kaaway, o tatlong araw na may tabak ni Yawe, na ang salot sa lupain at mamumuksa ang anghel ni Yawe sa buong lupain ng Israel. Kaya tingnan mo kung ano ang aking isasagot sa nagsugo sa akin."

¹³At sinabi ni David kay Gad: "Malaki ang aking kapighatian. Mahulog nawa ako sa kamay ni Yawe, sapagkat malaki ang kanyang mga kawanggawa, huwag lamang mahulog ako sa mga kamay ng mga tao!"

¹⁴Kaya nagpadala si Yawe sa Israel ng isang salot at 70,000 tao ang namatay sa mga Israelita. ¹⁵Nagpadala ang Diyos ng isang anghel sa Jerusalem upang lipulin ito, ngunit pagkakita niyang namumuksa iyon, nagsisi si Yawe at sinabi niya sa anghel: "Sapat na; pigilin mo ang iyong kamay!" ¹⁶Ang anghel ni Yawe ay nakatayo sa tabi ng giikan ni Ornan na Yebuseo.

Pagtingala ni David nakita niya ang anghel ni Yawe na nasa pagitan ng lupa at langit, na bunot ang tabak sa kanyang kamay na nakaunat sa Jerusalem. Kaya nagpatirapa si David at ang matatanda na may suot na tela ng sako. ¹⁷ At sinabi ni David sa Diyos: “Hindi ba ako ang nagpautos ng pagtatala ng bayan? Ako nga ang nagkasala at nakagawa ng kasamaan. Ngunit ang kawang ito, ano ang kanilang nagawa? O Yaweng aking Diyos, ako na at ang aking angkan ang patamaan ng iyong kamay. Huwag mong pinsalain ang iyong bayan!”

¹⁸ Inutusan ng anghel ni Yawe si Gad na sabihin kay David na umahon upang gumawa ng isang altar kay Yawe sa giikan ni Ornan na Yebuseo. ¹⁹ Umahon si David na sumusunod sa nasabi ni Gad sa ngalan ni Yawe. ²⁰ Paglingon si Ornan naman, nakita niya ang anghel samantalang nagtago ang kanyang apat na anak na kasama niya. (Noon gumigiik si Ornan ng trigo niya).

²¹ Nang lumapit si David kay Ornan, tumingin ito at nakita niya si David; lumabas siya sa giikan at nagpatirapa sa harapan ni David. ²² At sinabi ni David kay Ornan: “Ibigay mo nga sa akin ang dako ng giikan upang itayo ang isang altar kay Yawe; ipagbili mo sa akin iyan sa halaga niyan sa pilak, at huwag nang pinsalain ng salot ang bayan.”

²³ Sinabi ni Ornan kay David: “Kunin mo na iyan lamang at gawin ng aking panginooon hari ang ikasisiya niya. Narito, ibinibigay ko ang mga baka para sa susunuging handog, ang mga kagamitan sa giikan bilang panggatong at ang trigo bilang pagkaing handog. Lahat ay ibinibigay ko.” ²⁴ Ngunit sumagot si haring David kay Ornan: “Hindi! Ibig kong bilhin iyan sa buong halaga sa pilak; hindi ko ibibigay kay Yawe ang sa iyo ni mag-aalay ako ng susunuging handog na walang bayad.” Kaya binayaran ni David si Ornan ng animnaraang shekel na ginto sa dakong iyon.

²⁶ Doon nagpatayo si David ng isang altar kay Yawe at nag-alay ng mga susunuging handog at mga handog ng mabuting pagkakasama. Tumawag siya kay Yawe at sinagot siya ni Yawe sa pagpapadala nito ng apoy buhat sa langit sa altar ng susunuging handog. ²⁷ At saka iniutos ni Yawe sa anghel na isuksok ang kanyang tabak.

²⁸ Pagkakita ni David na dininig siya ni Yawe sa giikan ng Yebuseong si Ornan, nag-alay siya roon ng mga hain. ²⁹ Nasa mataas na dako ng Gibeon noon ang tirahan ni Yawe na ginawa ni Moises sa disyerto at ang altar ng mga susunuging handog; ngunit hindi makapunta roon si David upang sumangguni sa Diyos, nang maysindak siya ng tabak ng anghel ni Yawe.

22 ¹ Kaya sinabi ni David: “Ito ang bahay ni Yaweng Diyos at ito ang altar para sa susunuging handog ng Israel.”

Paghahanda sa pagpapatayo ng templo

² Ipinag-utos ni David na magtipun-tipon ang mga dayuhang naninirahan sa lupaing Israel at ginawa silang mga mandadaras ng mga batong gagamitin sa pagpapatayo ng bahay ng Diyos. ³ Nagpahanda rin si David ng napakaraming bakal na ukol sa mga pako ng mga pinto at sa mga halang at ng marami at di-matimbang na tanso; ⁴ pati ang napakaraming kahoy sa sedro, sapagkat nagdala ang mga Sidonio at ang mga taga-Tiro ng maraming kahoy na sedro. ⁵ Inisip ni David: “Binatilyo pa ang aking anak na si Solomon; at dapat na maging dakila ang gagawing bahay kay Yawe; dapat na mabantog iyon at maluwalhati sa lahat ng bayan; kaya ipaghahanda ko ito ng maraming bagay.” Napakarami nga ang inihanda ni David bago siya namatay.

⁶ At saka tinawag niya ang anak niyang si Salomon at inutusan niyang gumawa ng isang Bahay kay Yaweng Diyos ng Israel. ⁷ Sinabi ni David kay Solomon: “Anak ko, hinangad kong itayo ang isang Bahay sa Pangalan ni Yaweng aking Diyos; ⁸ ngunit ipinasabi sa akin ni Yawe: “Maraming dugo ang iyong ipinadanan at gumawa ka ng maraming digmaan; hindi mo maitayo ang bahay sa aking pangalan, dahil sa nagpadanak ka ng maraming dugo sa lupa sa harapan ko. ⁹ Ang iyong anak naman na magiging tao ng pagpapayapa ang magtatayo. Ang pangalan niya ay magiging Solomon sapagkat papayapain ko sa kanya ang lahat ng kanyang mga kaaway sa palibot, at sa kanyang kapanahunan ako magbibigay sa Israel ng kapayapaan at katahimikan. ¹⁰ Siya ang magpapatayo ng Bahay sa aking Pangalan, at siya ang magiging anak ko at ako naman ang kanyang ama, at patatagin ko ang luklukan ng kanyang paghahari magpakailanman.

¹¹ “Ngayon, anak ko, sumaiyo si Yawe, at nang magtagumpay ka sa pagpapagawa ng Bahay ni Yawe, iyong Diyos, kagaya ng sinabi niya tungkol sa iyo. ¹² Pagkalooban ka nawa ni Yawe ng katalinuhan at kaunawaan upang makapamuno ka sa Israel at makatupad sa batas ni Yawe, iyong Diyos! ¹³ Magtatagumpay ka kung sisikapin mong tupdin ang mga kautusan at pagpapahayag na ibinigay ni Yawe sa Israel sa pamamagitan ni Moises. Magpakalakas ka at magpakatampang. Huwag kang matakot ni mangamba!

¹⁴ “Nagpakapagod ako upang tipunin para sa Bahay ni Yawe ang sandaang libong talentong

ginto, ang isang milyong talentong pilak at ang tanso at bakal na di matitimbang dahil sa dami. Nagpahanda rin ako ng mga kahoy at bato na iyong daragdagan pa. ¹⁵Marami kang manggagawa: mga mananabas ng bato, mga mang-uukit, mga karpintero at lahat ng uri ng manggagawa na bihasa sa ano mang gawain. ¹⁶Hindi mabibilang ang ginto, pilak, tanso at bakal. Humayo, gumawa ka na! Sumaiyo si Yawe!”

¹⁷At ipinag-utos ni David sa lahat ng pangulo ng Israel na tulongan ang anak niyang si Solomon: ¹⁸“Hindi ba sumasainyo si Yaweng inyong Diyos? Hindi ba pinagkalooban niya kayo ng katahimikan sa buong paligid sa pagbibigay niya sa aking mga kamay ng mga maninirahan sa lupain, nang sumuko ang lupain kay Yawe at sa kanyang bayan? Kayat ngayon hanapin ninyo nang buong puso at kaluluwa si Yaweng inyong Diyos. Humayo na kayo, gawin ninyo ang santuwaryo ni Yaweng inyong Diyos at nang madala ang kaban ng tipan ni Yawe at ang mga banal na kagamitan sa Bahay na nagawa sa Pangalan ni Yawe.

Mga katungkulan ng mga Levita

23 ¹Nang matanda na si David at puspos ng mga araw, ginawa niyang hari sa Israel ang kanyang anak na si Solomon. ²Pinatipon niya ang lahat ng pangulo ng Israel, ang mga pari at mga Levita.

³Binilang ang mga Levitang may tatlung taong gulang pataas: 38,000 ang mga lalaki. ⁴At sinabi niya: “Ang 24,000 sa mga ito ay mamamahala sa mga gawain sa Bahay ni Yawe; 6,000 naman ang mga pinuno at mga hukom, ⁵4,000 ang mga bantay-pinto at 4,000 ang magpupuri kay Yawe sa saliw ng mga panugtog na ginawa ko para sa pagpuri.”

⁶Pagkatapos, pinaghahati sila ni David nang pangkat-pangkat, alinsunod sa mga anak ni Levi: Gerson, Kehat at Merari.

⁷Sa mga anak ni Gerson: sina Ladan at Simeil. ⁸Mga anak ni Ladan: si Yehiel ang una, si Zetam at Yoel, tatlo. ⁹Mga anak ni Semei: sina Selomit, Yaziel at Haran, tatlo. Ito ang mga pangulo ng angkan ni Ladan. ¹⁰Mga anak ni Semei: sina Yahat, Ziza, Yeus at Beria. ¹¹Ang apat na ito ay mga anak ni Semei. Si Yahat ang pangulo, si Ziza ang pangalawa: may kaunting anak sina Yeus at Beria kaya isa lamang angkan sila sa lista.

¹²Mga anak ni Kehat: sina Amram, Yiskar, Hebron at Usiel, apat. ¹³Mga anak ni Amram: sina Aaron at Moises. Inihiwalay si Aaron upang magpabanal siya at ang kanyang mga anak

magpakailanman ng mga bagay na kabanal-banalan; upang magsunog ng kamanyang sa harap ni Yawe, maglingkod sa kanya at magpuri sa kanya magpakailanman. ¹⁴Tao ng Diyos naman si Moises; ibinilang ang kanyang mga anak sa tribu ng Levi. ¹⁵Mga anak ni Moises: sina Gerson at Eliezer. ¹⁶Anak ni Gerson: si Sebucl ang una. ¹⁷Ang anak ni Eliezer: si Rehabia ang una. Wala pang anak si Eliezer, ngunit napakarami naman ang naging mga anak ni Rehabia.

¹⁸Anak ni Yisehar: si Selomit ang una. ¹⁹Mga anak ni Hebron: si Yeriya ang una, si Amarias ang pangalawa, si Yehaziel ang pangatlo, at si Yakaman ang pang-apat. ²⁰Mga anak ni Uziel: si Mika ang una; si Yisia ang pangalawa.

²¹Mga anak ni Merari: sina Mahli at Musi. Mga anak ni Mahli: sina Eleazar at Kis. ²²Namatay si Eleazar na walang mga anak na lalaki, ngunit may naiwan siyang mga anak na babae na naging mga asawa ng mga anak ni Kis na kanilang mga kamag-anak. ²³Mga anak ni Musi: sina Mahli, Eder at Yerimot, tatlo.

²⁴Ito ang mga inanak ni Levi ayon sa kanilang mga angkan, ang mga pangulo ng sambahayan na isa-isang natala nang binilang ang mga naglilingkod sa Bahay ni Yawe mula sa dalawampung taong gulang pataas.

²⁵Sapagkat sinabi ni David: “Nagkaloob na si Yaweng Diyos ng Israel ng kapahingahan sa kanyang bayan, at nananahan siya sa Jerusalem magpakailanman. ²⁶Kaya hindi na ililipat ng mga Levita ang Tirahan at ang mga kasangkapang ginagamit dito.” ²⁷Dahil sa mga huling utos ni David, natala ang mga Levita mula dalawampung taong gulang pataas. ²⁸Nasa kanila ang paglilingkod sa Bahay ni Yawe, sa gilid ng mga anak ni Aaron: ang nangalagaan nila ang mga looban, ang mga silid, linilinis ang lahat ng bagay na banal at naglilingkod sila sa Bahay ng Diyos. ²⁹Nasa kanila rin ang mga tinapay na handog, ang pinong harina sa pagkaing handog, ang mga manipis na tinapay na walang lebadura, na inihanda sa kawali o binilo at ang lahat ng uri ng takalan at panukat. ³⁰Kailangang humarap sila tuwing umaga at tuwing hapon upang ipagdiwang at purihin si Yawe; ³¹at upang magsuob kay Yawe ng mga susunuging handog sa mga araw ng pahinga, sa mga bagong buwan at sa mga pagdiriwang, ayon sa bilang na natakda sa tuntuning ipinag-utos sa kanila sa harapan ni Yawe sa lahat ng panahon. ³²Nangangalagaan din nila ang Toldang Tagpuan, ang banal na silid at ang mga anak ni Aaron na kanilang mga kapatid.

Iba't ibang uri ng mga Pari at Levita

24 ¹Ito ang mga pangkat ng mga anak ni Aaron. Mga anak ni Aaron: ²sina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar; ngunit unang namatay sina Nadab at Abihu kaysa kanilang ama at wala silang iniwang mga anak, kaya sina Eleazar at Itamar ang naging mga pari.

³Hinati ang mga ito nina David, Sadok, na anak ni Eleazar at Ahimelek, na anak ni Itamar, ayon sa mga tungkulin nila. ⁴Marami pa ang mga anak ni Eleazar kaysa mga anak ni Itamar, kaya nagkaroon: ang mga anak ni Eleazar ng labing-anim na pangulo ng mga angkan, at walo ang mga anak ni Itamar. ⁵Pinagbukud-bukod sila ayon sa sapalaran; may ilang punong-banal at ilang puno-ng-Diyos, maging sa mga anak ni Eleazar at sa mga anak ni Itamar. ⁶Nasulat sila ni Semeyas, anak ni Natanael, na isang taga-sulat sa mga Levita, sa harapan ng hari at ng mga prinsipe, sa harapan ni Sadok na pari, ni Ahimelek, anak ni Abiatar, at ang mga pangulo ng mga angkan ng mga pari at mga Levita. Dalawang beses may napili sa angkan ni Eleazar at isang beses sa angkan ni Itamar.

⁷Tumama kay Yoyarib ang unang pagbunutan; ang pangalawa, kay Yidaya, ⁸ang pangatlo, kay Yorim, ang pang-apat, kay Seorim, ⁹ang panlima, kay Malakias, ang pang-anim, kay Miamin, ¹⁰ang pampito, kay Kos, ang pangwalo kay Abias, ¹¹ang pansiyam, kay Yesua, ang ikasampu kay Sekania, ¹²ang ikalabing-isa, kay Eliyasib, ang ikalabindalawa kay Yakim, ¹³ang ikalabintatlo kay Hupa, ang ikalabing-apat kay Yebab, ¹⁴ang ikalabinlima kay Bilga, ang ikalabing-anim, kay Imer, ¹⁵ang ikalabimpito, kay Hezir, ang ikalabingwalo, kay Hapises, ¹⁶ang ikalabinsiyam kay Petahya, ang ikadalawampu, kay Ezekiel, ¹⁷ang ikadalawampu't isa, kay Yakin, ang ikadalawampu't dalawa, kay Gamul, ¹⁸ang ikadalawampu't tatlo, kay Delaya, ang ikadalawampu't apat, kay Mazia.

¹⁹Ito ang mga may katungkulan na pumasok sa Bahay ni Yawe ayon sa tuntuning natanggap nila kay Aaron, alinsunod sa iniutos sa kanya ni Yaweng Diyos ng Israel.

²⁰Ito ang mga pangulo ng ibang mga anak ni Levi: sa mga anak ni Amram si Subael, sa mga anak ni Subael si Yehdaya. ²¹Sa mga anak ni Rehavia ang pangulo ay si Yisia. ²²Sa mga lseharita si Salemot, sa mga anak ni Salemot si Yahat. ²³Sa mga anak ni Hebron: ang una ay si Yeriyah, ang pangalawang si Amarias, ang pangatlong si Yahaziel, ang pang-apat na si Yekameam. ²⁴Sa mga anak ni Uziel, si Mika; sa mga anak ni Mika si Samir. ²⁵(Si Yisiya ay

kapatid ni Mika), sa mga anak ni Yisiya si Zacarias.

²⁶Mga anak ni Merari: sina Mahli at Musi. ²⁷Mga inanak ni Merari kay Uzias na kanyang anak: sina Soam, Zakur at Yibri. ²⁸Nagkaroon ng isang anak si Mahli na ang pangalan ay Eleazar na di nagkaanak. ²⁹Si Kis ay nagkaanak ng isa na ang pangalan ay Yerameel. ³⁰Mga anak ni Musi: sina Mahli, Eder at Yerimot.

Ito ang mga anak ni Levi ayon sa kanilang mga angkan. Pinapagsapalaranan rin sila gaya ng mga anak ni Aaron sa harap ni David, nina Sadok at Ahimelek at ng mga pangulo ng mga angkan ng mga pari at mga Levita. Ang lahat ng mga ito ay ginawa sa pamamagitan ng sapalaran upang magkapantay ang angkan ng panganay at ang angkan ng bunso.

Dalawampu't apat na uri ng mga mang-aawit

25 ¹Pinagbukod ni David at ng mga pangulo ang mga anak ni Asaf, Heman at Yedutun; nagpopropeta sila sa saliw ng mga gitara, mga arpa at simbalo. Narito ang bilang ng mga nakapaglingkod na kasama nila. ²Sa mga anak ni Asaf: sina Zakur, Jose, Natania at Azarela, sa pamumuno ni Asaf na nagpropeta para sa hari. ³Kay Yedutun: ang mga anak ni Yedutun na sina Godolias, Sori, Yeseias, Yosabias, Matatias at Semei, anim, sa pamumuno ng kanilang ama na si Yedutun na nagpropeta nang may gitara sa pagpupuri at pagdiriwang kay Yawe.

⁴Kay Heman: ang mga anak ni Heman na sina Bukias, Matanias, Oziel, Sabuel, Yerimot, Hamanias, Hanani, Eliasa, Meloti, Otir at Mahaziot. ⁵Ang lahat ng ito ay mga anak ni Heman, propeta ng hari, upang umawit ng mga papuri sa Diyos at ipagbunyi ang kanyang lakas. Pinagkalooban ng Diyos si Heman ng labing-apat na anak na lalaki at tatlong anak na babae. ⁶Ang lahat ng mga ito ay nasa ilalim ng kanilang mga ama sa pag-awit sa Bahay ni Yawe sa saliw ng mga simbalo, mga gitara at mga arpa; naglingkod sila sa Bahay ng Diyos sa pamumuno ng hari, at nina Asaf, Yedutun at Heman. ⁷Naging 288 ang bilang ng mga ito pati ang kanilang mga kapatid na mga bihasa at guro sa pag-awit kay Yawe. ⁸Pinapagsapalaran nila ang paghahati ng paglilingkod para sa maliit at para sa malaki rin, para sa mga guro at para sa mga nag-aaral.

⁹Ang una ay tumama kay Jose na taga-Asaf; ang pangalawa, kay Godolias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labin-dalawa.

¹⁰Ang pangatlo, kay Zakur; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labin-

dalawa. ¹¹ Ang pang-apat kay Yisri; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

¹² Ang panlima, kay Natania; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ¹³ Ang pang-anim kay Bukias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

¹⁴ Ang pampito kay Yisreela; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ¹⁵ Ang pangwalo kay Yesaya; siya kasama ang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

¹⁶ Ang pansiyam, kay Matanias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ¹⁷ Ang pansampu, kay Semeya; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

¹⁸ Ang ikalabing-isa, kay Azareel; siya kasama ang kanyang mga anak at kapatid: labindalawa. ¹⁹ Ang ikalabindalawa kay Asabias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

²⁰ Ang ikalabintatlo, kay Sabael; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ²¹ Ang ikalabing-apat kay Matatias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

²² Ang ikalabinlima, kay Yerimot; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ²³ Ang ikalabing-anim kay Hananias; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

²⁴ Ang ikalabimpito, kay Yesbakasa; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ²⁵ Ang ikalabingwalo kay Hanani; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

²⁶ Ang ikalabinsiyam, kay Meloti; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ²⁷ Ang ikadalawampu kay Eliata; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ²⁸ Ang ikadalawampu't isa kay Otir; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

²⁹ Ang ikadalawampu't dalawa, kay Guedelti; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ³⁰ Ang ikadalawampu't tatlo kay Mahaziot; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa. ³¹ Ang ikadalawampu't apat kay Romamtieder; siya kasama ang kanyang mga anak at mga kapatid: labindalawa.

Ang mga tagatanod ng mga pintuan

26 ¹ Ito ang iba't-ibang pangkat ng mga bantay-pinto. Sa mga Koreita: si Me-

seelemias, anak ni Kore, isa sa mga anak ni Abiasaf. ² Mga anak ni Meseelemias: sina Zakarias na panganay, si Yediael ang pangalawa, si Zebadias ang pangatlo, si Yataniel ang pang-apat, ³ si Elam ang panlima, si Yeohanan ang pang-anim, si Elyoenai ang pampito.

⁴ Mga anak ni Obededom: sina Semeyas na panganay, si Yozabad ang pangalawa, si Yoah ang pangatlo, si Sakar ang pang-apat, si Natanael ang panlima, ⁵ si Amiel ang pang-anim, si Isakar ang pampito, si Peultai ang pangwalo; pinagpala nga ng Diyos si Obededom. ⁶ Nagkaroon ang anak niyang si Semeyas ng mga anak na nauna sa kani-kanilang mga angkan, sapagkat matatayang sila. ⁷ Mga anak ni Semeyas: sina Otni at Rafael, Obed, Elzabad at ang kanilang mga kapatid na taong matatayang na sina Eliu at Samakias. ⁸ Lahat ng ito ay mga inanak ni Obededom; napakagaling nila, ang kanilang mga anak at mga kapatid at masipag sa kanilang katungkulan; animnapu't dalawa ang kay Obededom. ⁹ Kasama ni Meseelemias ang labingwalong mga anak at mga kapatid niya na matatayang na tao.

¹⁰ Sa mga anak ni Merari: si Hosa ay naging ama ni Simri, ang pangulo (wala pa ang panganay at ginawa siya ng kanyang ama na pangulo); ¹¹ si Yilkiya ang pangalawa, si Tebalis ang pangatlo, si Zakarias ang pang-apat. Labintatlo ang mga anak at mga kapatid ni Hosa.

¹² Ito ang mga pangkat ng mga bantay-pinto; sa mga lalaking ito ipinagkatiwala ang pagbantay sa Bahay ni Yawe na kagaya ng kanilang mga kapatid. ¹³ Pinapagsapalaran sila sa bawat pintuan, maliit at malaki, ayon sa kanilang mga angkan.

¹⁴ Ang sa gawing silanganan ay tumama kay Seleimia; at saka kay Zakarias na kanyang anak, na isang mahinahong tagapayo, ang gawing hilaga. ¹⁵ Kay Obededom ang gawing timog, at sa kanyang mga anak ang mga kamalig. ¹⁶ Kay Supim at Hosa ang gawing kanluran, sa may pintuan ng Silid na lumalabas sa daang paahon.

Ito ang tuntunin para sa tungkulin: ¹⁷ anim na tao araw-araw sa silanganan; apat na tao araw-araw sa hilaga; apat na tao araw-araw sa timog at dalawa sa mga kamalig, dala-dalawa; ¹⁸ apat sa daan sa gawing kanluran, at dalawa sa dagdag na kamalig. ¹⁹ Ganito ang pagkakahati ng mga bantay-pinto sa mga anak ni Kore at ni Merari.

²⁰ Nasa mga Levita na kanilang mga kapatid ang pag-iingat sa mga kabang-yaman ng Bahay ng Diyos at ng mga banal na deposito. ²¹ Sa mga anak ni Laedam, ang mga anak ni Yehiel ay mga pangulo ng mga angkan ni Laedam na

Gersonita. ²² Ang mga anak ni Yehiel, ni Zetan at ng kanyang kapatid na si Yoel, ang nag-iingat ng mga kayamanan ng Bahay ni Yawe.

²³ Sa mga Amramita, Yisearita, Hebronita at Uzelita: ²⁴ si Sebucl, anak ni Gerson, anak ni Moises, ang siyang punong taga-ingat ng mga kayamanan: ²⁵ Ang kanyang mga kamag-anak kay Eliezer: si Rehabia, anak niya, Yesaya anak nito, Yoram anak nito, Zikri anak nito, at Selomot anak nito. ²⁶ Si Selomot at ang kanyang mga kapatid ay mga tagapamahala ng mga kamayanan ng mga bagay na itinalaga ni haring David, ng mga pangulo ng mga angkan, ng mga pinuno ng mga libo at ng sandaan at ng mga puno ng hukbo. ²⁷ Inilaan nila ang mga ito na galing sa samsam sa pagpapaayos ng Bahay ni Yawe. ²⁸ Gayon din ang lahat ng itinalaga ng propetang si Samuel, ni Saul na anak ni Kis, ni Abner na anak ni Ner, ni Yoab na anak ni Saruya: ipinamahala kay Selomot at sa kanyang mga kapatid ang lahat ng itinalaga.

²⁹ Sa mga Yisearita, si Kenayas at ang kanyang mga kapatid ang humawak ng mga suliraning panlabas bilang mga tagasulat at mga hukom sa Israel. ³⁰ Sa mga Hebronita, si Yosabia at ang kanyang mga kapatid, sanlibo't pitong daan taong matatapang, ang nagsisipamuno sa mga Israelita sa gawing kanluran ng lupaing kabilang ibayo ng Jordan, maging sa mga bagay na ukol kay Yawe at sa hari. ³¹ Una sa mga Hebronita si Yeriya; noong taong ikaapatnapu ng paghahari ni David may pagsusuri sa kalahian ng mga Hebronita at natuklasan sa kanila ang mga matatapang na dating nanirahan sa Yazer, sa Galaad. ³² Matatapang din ang mga kamag-anak ni Yeriya; dalawanlibo't pitong daan silang mga pangulo ng kanilang mga sambahayan. Itinalaga sila ni haring David sa mga Rubenita, mga Gadita at sa kalahating tribu ng Manases, sa lahat ng nauukol sa Diyos at sa hari.

Ang mga pinuno ng hukbo

27 ¹ Ito ang bilang ng mga Israelitang pangulo ng mga sambahayan, mga pinuno ng libo at ng sandaan, kasama ang kanilang mga tagasulat. Naglingkod sila sa hari ukol sa mga dibisyon, maging ang dumarating o umaalis buwan-buwan sa buong taon. Binubuo ng 24,000 tao ang bawat dibisyon.

² Si Yasobeam, anak ni Zabdiel, ang namumuno sa unang dibisyong binubuo ng 24,000 tao, sa unang buwan. ³ Siya ay sa mga inanak ni Peres at namuno sa lahat ng pinuno sa unang buwan.

⁴ Si Dodai na Ahotita ang namumuno sa pangalawang dibisyong binubuo ng 24,000 tao sa ikalawang buwan.

⁵ Si Banayas, anak ni Yoyada na pari, ang pinuno sa pangatlong dibisyong binubuo ng 24,000 tao sa ikatlong buwan. ⁶ Isa sa pinakamatapang na Tatlumpu si Banayas at siya ang nangunguna sa mga ito. Kasama sa kanyang dibisyon ang anak niya si Amisabad.

⁷ Si Asael, kapatid ni Yoab, ang pang-apat, sa ikaapat na buwan, at kasunod niya ang kanyang anak na si Zabdias; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

⁸ Si Samut na Zarhita ang panlima, sa ikalimang buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

⁹ Si Ira, anak ni lkes ng Tekoa ang pang-anim, sa ikaanim na buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000.

¹⁰ Si Heles ng Pelet, sa tribu ng Efraim ang pampito, sa ikapitong buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

¹¹ Si Sibkai ng Husa, na Zarhita ang pang-walo, sa ikawalong buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

¹² Si Abiezer ng Anatot, sa mga Benjamina ang pansiyam, sa ikasiyam na buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

¹³ Si Maharai ng Netofah, na Zarhita ang pansampu, sa ikasampung buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

¹⁴ Si Benayas, ng Piraton, sa tribu ng Efraim ang pang-ikalabing-isa sa ikalabing-isang buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

¹⁵ Si Heldai ng Netofah, inanak ni Otoniel ang pang-ikalabindalawa, sa ikalabindalawang buwan; ang kanyang dibisyon ay 24,000 tao.

Ang mga pangulo ng mga lipi

¹⁶ Mga tagapamahala ng labindalawang tribu: sa Ruben, si Eliezer, anak ni Zikri; sa Simeon, si Sefatias, anak ni Maaka; ¹⁷ sa Levi, si Yosabias, anak ni Kemuel; sa mga Aaronita, si Sadok; ¹⁸ sa Juda, si Elihu, na isa sa mga kapatid ni David; ¹⁹ sa Isakar, si Amri, anak ni Mikael; sa Zabulon, si Yismaias, anak ni Abdias; sa Neftali, si Yerimot anak ni Azriel; ²⁰ sa Efraim, si Oseas, anak ni Azazias; sa kalahating tribu ng Manases, si Yoel, anak ni Pedayas; ²¹ sa kalahating tribu ng Manases sa Galaad, si Iddo, anak ni Zakarias; sa Benjamin, si Yasiel, anak ni Abner; ²² sa Dan, si Ezriel, anak ni Yeroham. Ito ang mga pangulo ng mga tribu ng Israel.

²³ Hindi binilang ni David ang mga binatang walang dalawampung taong gulang, sapagkat sinabi ni Yawe na pararamihin niya ang Israel na gaya ng mga bituin sa langit. Sinimulan na ni Yoab, anak ni Saruya, ang pagbilang, ngunit hindi natapos; nagliyab nga ang Kagalitan sa

Israel, kaya hindi nasulat ang bilang sa Aklat ng mga Kasaysayan ni haring David.

Mga katiwala ng mga ari-arian

²⁵Si Azmavet, anak ni Abdiel, ang namamahala sa mga kayamanan ng hari; si Yonatan, anak ni Ozias, ang namamahala sa mga kayamanan nasa kabukiran, mga lunsod, mga nayon at mga tore; ²⁶si Ezri, anak ni Yelub, ang namumuno sa mga magsasaka; ²⁷si Simei ng Rama sa mga ubasan; si Sabdi ng Sefam sa mga inimbak na alak; ²⁸si Baal Anam ng Gueber sa mga punong olibo at mga sikomoro na nasa kapatagan; si Yoas sa mga inimbak na langis; ²⁹si Sitrai ng Saron sa mga bakahang nanginain sa Saron; si Safat, anak ni Adlai, sa mga bakahang nasa mga lambak; ³⁰si Obil, na Ismaelita, sa mga kamelyo; si Yehdia ng Mero-not, sa mga asno; ³¹si Yezis na Hagreno sa mga kawan. Ang lahat ng mga ito ay mga katiwala ng mga ari-arian ni David.

³²Tagapayo si Yonatan, amain ni David, taong matalino at marunong; tumitingin naman sa mga anak ng hari si Yehiel na anak ni Yakmoni. ³³Tagapayo rin ng hari si Ahitofel; at kaibigan ng hari si Husay na Arkita. ³⁴Humalili kay Ahitofel si Yoyada, anak ni Banayas at si Abiatar. Ang heneral ng hukbo ng hari ay si Yoab.

Mga huling tagubilin ni David tungkol sa Templo

28 ¹Pinatipon ni David sa Jerusalem ang lahat ng pangulo ng Israel, ang mga pangulo ng mga tribu, ang mga pinuno ng mga dibisyon na naglilingkod sa hari, ang mga pinuno ng mga libo at ng sandaan, ang mga katiwala ng mga ari-arian at ng mga hayop ng hari, pati ang kanilang mga anak, ang mga eunuko at ang matatampang. ²Nakatayong sinabi ni David: “Mga kapatid ko at aking bayan, pakinggan ninyo ako. Binalak kong itayo ang isang Bahay na pagpamahinga sa kaban ng tipan ni Yawe na magiging tuntungan ng mga paa ng ating Diyos. Marami na akong inihanda sa pagpapagawa, ³ngunit sinabi sa akin ng Diyos: ‘Hindi ikaw ang magpapatayo ng Bahay sa aking pangalan, sapagkat mandirigma ka at pinadanak mo ang dugo.

⁴Gayunman, sa buong sambahayan ng aking ama, ako ang hinirang ni Yaweng Diyos ng Israel upang maging hari sa Israel magpakailanman. Pinili niyang pinuno si Juda, at sa sambahayan ni Juda ang aking angkan, at sa mga anak ng aking ama, ako ang ginusto niyang gawing hari sa buong Israel. ⁵Sa lahat ng aking anak –

sapagkat pinagkalooban ako ni Yawe ng maraming anak – ang anak kong si Solomon ang kanyang hinirang upang umupo sa luklukan ng pagkahari ni Yawe sa Israel.

⁶Sinabi rin niya sa akin: Ang anak mong si Solomon ang siyang magpapatayo ng aking Bahay at mga patyo; hinirang ko siya bilang aking anak at ako naman ang magiging ama niya. ⁷Patatagagin ko magpakailanman ang kanyang pagkahari, kung matatag na niyang isagawa ang aking mga utos at mga pagpapahayag gaya ng kasalukuyan.

⁸Kaya ngayon sa paningin ng buong Israel, na ang kalipunan ni Yawe, sa pandinig ng ating Diyos, isagawa ninyo at aralin ang lahat ng utos ni Yaweng inyong Diyos; kung magkagayon manatiling pag-aari ninyo ang magandang lupaing ito at ipamana ninyo sa inyong mga anak na susunod sa inyo, magpakailanman.

⁹At ikaw naman, Solomon na aking anak, kilalanin mo ang Diyos ng iyong ama at paglingkuran mo siya nang buong tapat at kasiyahang-loob, sapagkat natatarok ni Yawe ang lahat ng puso at mauunawaan ang lahat ng maisip. Kung hahanapin mo siya, matatagpuan mo siya; ngunit kung tatalikdan mo, itatakwil ka niya magpakailanman. ¹⁰Kaya tantuin mo na hinirang ka ni Yawe upang gumawa sa kanya ng isang Bahay santuwaryo. Humayo at gawin mo iyan!”

¹¹Ibinigay ni David kay Solomon ang plano ng patyo at ng Bahay, ng mga gusali, mga kamalig, mga silid sa itaas, mga tirahan sa loob at ng silid ng pagtatawaran. ¹²Ipinakita rin niya sa kanya ang lahat ng binabalak niya ukol sa mga patyo ng Bahay ni Yawe at sa lahat ng silid sa paligid, sa mga kabang-yaman ng Bahay ng Diyos at ng mga bagay na banal; ¹³ang tungkol sa mga dibisyon ng mga pari at mga Levita, sa lahat ng paglilingkod sa Bahay ni Yawe at lahat ng kagamitan nito. ¹⁴Ukol sa ginto: ang timbang ng ginto sa bawat bagay ginagamit sa lahat ng paglilingkod. Ukol sa mga bagay na pilak: ang timbang ng pilak sa bawat bagay ng paglilingkod; ¹⁵ang timbang para sa mga kandelerong ginto at ng mga ilawang ginto, ayon sa timbang ng bawat kandelero at bawat ilawan; ¹⁵gayundin para sa mga kandelerong pilak at ang kanilang mga ilawan, ayon sa kailangan ng bawat kandelero. ¹⁶Gayon din ang timbang ng ginto sa bawat isa sa mga hapag ng tinapay na handog, at ang pilak sa mga hapag ng pilak; ¹⁷ang lantay na ginto sa mga tenedor, pangwisik at mga saro, at sa mga mangkok na ginto ayon sa timbang sa bawat mangkok, at sa mga mangkok na pilak ayon sa timbang sa bawat mangkok. ¹⁸Sa altar

ng kamanyang ang timbang ng lantay na gintong dapat gamitin; ang plano ng sasakyan, taglay ang mga Kerubing ginto na nakabuka ang mga pakpak sa ibabaw ng kaban ng tipan ni Yawe. ¹⁹“Ang lahat nito, aniya, ay nasusulat sa kamay ni Yawe na ipinaalam sa akin ang plano ng lahat ng dapat gawin.”

²⁰At sinabi ni David sa kanyang anak na si Solomon: “Magpakalakas ka at magpakatampang at isagawa mo ito. Huwag kang matakot o mangamba, sapagkat sumasaiyo si Yaweng aking Diyos. Hindi ka niya pababayaang ni iwan hangga’t di mo natatapos ang lahat ng gawaing ukol sa paglilingkod sa Bahay ni Yawe. ²¹Naririto ang iba’t-ibang dibisyon ng mga pari at mga Levita sa lahat ng paglilingkod sa Bahay ng Diyos; gayon din ang mga taong bihasa sa ano mang gawain sa paglilingkod, na tutulong sa iyo, at ang mga pangulo at ang buong bayan na handang tumalima sa iyo.”

Abuloy ng mga pangulo at ng bayan

29 ¹Sinabi ni haring David sa buong kalipunan: “Bata pa si Solomon na aking anak na hinirang ng Diyos. Totoong malaki ang gawain, sapagkat para sa tao ang gusali, kundi kay Yaweng Diyos. ²Inihanda ko na nang buong sikap ang lahat ng kailangan sa Bahay ng aking Diyos: ang ginto sa mga bagay na ginto, ang pilak sa mga bagay na pilak, ang tanso sa mga bagay na tanso, ang bakal sa mga bagay na bakal at ang kahoy sa mga bagay na kahoy; ang mga batong onise, at mga batong pang-engaste, lapislasuli, mga batong iba’t ibang kulay, lahat ng uri ng batong mamahalin at maraming marmol. ³Bukod dito, dahil sa aking pagmamahal sa Bahay ng aking Diyos, ibinibigay ko ang aking sariling ginto at pilak sa Bahay ng aking Diyos, bukod pa ang lahat ng inihanda ko sa banal na Bahay: tatlong libong talentong gintong Ofir at pitong libong talento ng napakainam na pilak upang takpan ang mga dinding ng templo. ⁵Ibinigay ko ang ginto na ukol sa lahat ng mga bagay ng ginto, ang pilak sa mga bagay na pilak at sa mga manggagawa. Sino ngayon ang nakahandang magbigay nang kusang-loob kay Yawe?”

⁶Kaya inialay ang sarili ng mga pangulo ng mga sambahayan, mga pangulo ng mga tribung Israelita, mga pinuno ng libo at ng sandaan at ang mga katiwala ng mga ari-arian ng hari. ⁷Ibinigay nila ukol sa paglilingkod sa Bahay ng Diyos: limanlibong talentong ginto, at sampung libong darikong ginto, sampung libong talentong pilak, labingwalong talentong tanso, at sandaang libong talentong bakal. ⁸Ang mga

may mahahalagang bato ay ipinagkaloob ang mga ito sa Bahay ni Yawe sa kamay ni Yejiel na Gersonita. ⁹Ikinagalak ng bayan ang kusang-loob na pag-aabuloy ng mga ito dahil sa inialay nila iyon kay Yawe nang buong puso; at labis din itong ikinagalak ni David.

Panalangin ni David

¹⁰Pinuri ni David si Yawe sa harap ng buong kalipunan. Sinabi ni David:

“Purihin ka, O Yawe, Diyos ng aming amang si Israel, mula sa walang-pasimula hanggang sa walang-hanggan! ¹¹Sa iyo, O Yawe, ang kadakilaan, ang kapangyarihan, ang kamahalan, ang karilagan at ang kaluwalhatian, sapagkat iyo ang lahat na nasa langit at nasa lupa! Iyo ang pagkahari at ikaw ang dapat na tumaas pa sa lahat! ¹²Sa iyo nagmumula ang kayamanan at kaluwalhatian, namamahala ka sa lahat ng bagay, nasa iyong kamay ang lakas at kapangyarihan, nasa iyong kamay ang pagiging dakila at matatag sa lahat ng bagay.

¹³“Kaya’t ngayon, O aming Diyos, pinapalamatan ka namin at pinupuri ang iyong maluwalhating pangalan. ¹⁴Sino ba ako at sino ang aking bayan na makapag-aalay sa iyo ng ganang mga handog? Sapagkat ang lahat ay galing sa iyo, at ipinagkaloob namin sa iyo ang tinanggap namin sa iyong kamay. ¹⁵Mga dayuhan lamang kami sa iyong harapan at mga nakikituloy kagaya ng aming mga magulang! Gaya ng anino dumaraan sa lupa ang aming mga araw: walang maaasahan.

¹⁶“O Yaweng aming Diyos, nagmumula sa iyong mga kamay ang mga masaganang bagay na ito na aming inihanda sa pagpapagawa ng isang Bahay sa iyong banal na Pangalan; ang lahat ay iyo. ¹⁷Alam ko, aking Diyos, na sinusuri mo ang puso at iniibig ang katuwiran; taos sa puso kong iniaalay ang lahat ng kusang handog na ito, at ngayon nagagalak akong makita ang iyong bayang naririto na nag-aalay sa iyo ng mga kusang handog.

¹⁸O Yawe, Diyos ng aming mga magulang na sina Abraham, Isaac at Israel, papanatilihin mo magpakailanman ang hiling na ito sa kalooban ng iyong bayan at patnubayan mo sa iyo ang kanilang puso. ¹⁹Pagkalooban mo ang anak kong si Solomon ng isang ganap na puso upang tuparin ang iyong mga utos, mga pagpapahayag at mga tagubilin, at maisagawa ang mga ito; at maipatayo niya nawa ang gusaling inihanda ko.”

²⁰At sinabi ni David sa buong kalipunan: “Purihin ninyo si Yaweng inyong Diyos.” At pinuri ng buong kalipunan si Yawe, Diyos ng

kanilang mga magulang. Lumuhod sila at nagpatirapa sa harap ni Yawe at sa harap ng hari.

²¹ Kinabukasan naghandog si David at nag-alay ng mga susunuging handog kay Yawe: libong toro, libong tupang lalaki, libong batang tupa, na may kasamang mga inuming handog, at iba pang maraming handog para sa buong Israel. ²² Nagkainan at nag-inuman sila nang araw na iyon sa harap ni Yawe nang may malaking kasayahan. Ginawa nilang hari si Solomon, anak ni David, at pinahiran siya bilang puno sa ngalan ni Yawe; at pinahiran naman si Sadok bilang pari.

²³ Kaya umupo si Solomon sa luklukan ni Yawe upang maghari na kahalili ni David na kanyang ama. Nagtagumpay siya at sumunod sa kanya ang buong Israel. ²⁴ Ang lahat ng pangulo, ang lahat ng matatapang at pati ang lahat ng anak ni Haring David ay kinilala ang pagkahari ni Solomon. ²⁵ Labis na pinataas ni

Yawe si Solomon sa paningin ng buong Israel at pinagkalooban siya ng isang pangharing karilagan na higit pa sa sinumang haring nauna sa kanya sa Israel.

²⁶ Kaya natapos na maghari si David, anak ni Isai, sa buong Israel. ²⁷ Ang kanyang paghahari sa Israel ay apatnapung taon; naghari siya ng pitong taon sa Hebron; tatlumpu't-tatlong taon sa Jerusalem. ²⁸ Namatay na matanda, puspos ng mga araw, ng kayamanan at kaluwalhatian, at humalili sa kanya ang kanyang anak na si Solomon.

²⁹ Ang mga nagawa ni Haring David, mula sa simula hanggang sa wakas, ay nakasulat sa aklat ng mga Gawa ni Samuel na propeta, sa aklat ni Natan na propeta at sa aklat ni Gad na propeta. ³⁰ Naroroon ang lahat ng kanyang paghahari, katapangan at mga pangyayaring sinapit niya, ng bayang Israel at ng lahat ng kaharian ng ibang mga bayan.



Humingi ng karunungan si Solomon

1 ¹ Pinatatag ni Solomon, na anak ni David, ang kanyang pagkahari; sumakanya si Yaweng kanyang Diyos at pinataas siya nang labis. ² Kaya nagsalita si Solomon sa buong Israel, sa mga opisyal ng libo at pinuno ng sandaan, sa mga hukom at sa lahat ng pinuno ng mga sambahayan sa buong Israel. ³ At pinuntahan ni Solomon at ng buong kalipunan ang santuwaryo sa burol sa Gabaon. Naroon nga ang Toldang Tagpuan ng Diyos, na ginawa ni Moises, lingkod ng Diyos sa ilang. ⁴ Subalit ipinaakyat na ni David ang kaban ng Diyos buhat sa Kiriath-Yearim sa lugar na inihanda niya rito, sapagkat itinayo niya rito ang isang kulan-

dong sa Jerusalem. ⁵ Naroon ang altar na tanso na ginawa ni Besaleel, na anak ni Uring anak ni Hur, sa harapan ng Tirahan ni Yawe; kaya doon pumunta si Solomon at ang kalipunan upang sumangguni kay Yawe.

⁶ Doon sumamba si Solomon sa altar na tanso sa harap ni Yawe ng Toldang Tagpuan at nag-alay siya roon ng libong sinunog na handog.

⁷ Kinagabihan nagpakita ang Diyos kay Solomon at nagsabi sa kanya: "Hingin mo kung ano ang dapat kong ibigay sa iyo." ⁸ At sinabi naman ni Solomon sa Diyos: "Nagpakita ka ng kagan-dahang-loob sa aking amang si David at ginawa mo akong hari bilang kahalili niya." ⁹ Kaya